DOCUMENT RESUME

ED 405 222 SO 022 126

TITLE	Social Studies Introductory Level--Interaction. Teachers' Guide & Resource Book=Araling Panlipunan Intro--Pakikisalamuha. Ang Patnubay Ng Guro At Hanguang Aklat.
INSTITUTION	Berkeley Unified School District, Calif. Asian American Bilingual Center.; California State Univ., Los Angeles. National Dissemination and Assessment Center.
SPONS AGENCY	Department of Education, Washington, DC.
PUB DATE	80
NOTE	200p.; For related documents in the series, see SO 022 127-135.
PUB TYPE	Guides - Classroom Use - Teaching Guides (For Teacher) (052) -- Multilingual/Bilingual Materials (171)
LANGUAGE	English; Tagalog
EDRS PRICE	MF01/PC08 Plus Postage.
DESCRIPTORS	Behavior; *Bilingual Education; Concept Formation; Cooperation; Curriculum Development; Early Childhood Education; Elementary School Curriculum; Filipino Americans; Independent Living; Individual Development; *Interdisciplinary Approach; *Interpersonal Communication; Kindergarten; Kindergarten Children; Preschool Children; *Social Studies; Tagalog; Teaching Guides; *Thematic Approach

ABSTRACT

This Pilipino teacher's guide is part of Berkeley, California Unified School District Asian American Bilingual Center's effort to foster the total growth of the child. To facilitate that growth, the Center has selected an interdisciplinary approach to curriculum development. Social studies themes and concepts provide the framework within which all the subject areas, including mathematics, reading and language arts, fine arts, and science, are organized. The four social studies themes are child, family, community, and natural environment. The themes reappear and expand through the curriculum from one text to the next and correlate to the major concepts of Identity, Needs, and Interaction. The Introductory level is designed for prekindergarten and kindergarten children. Each level develops one or more aspects of a theme as the child moves from simple to complex ideas and from understanding of self to understanding of society. Unit 1, entitled "Behavior," develops the conceptual statement "feelings affect behavior." Unit 2, "Independence and Cooperation," develops the theme "tasks can best be done through individual action, group action, or a combination of both." The third and final unit, "Communication," examines the conceptual statement "communication is necessary." The document includes an introduction, notes to the teacher, and a resource guide. (SG)

ED 405 222

U.S. DEPARTMENT OF EDUCATION
Office of Educational Research and Improvement
EDUCATIONAL RESOURCES INFORMATION CENTER (ERIC)

☒ This document has been reproduced as received from the person or organization originating it.
☐ Minor changes have been made to improve reproduction quality.

• Points of view or opinions stated in this document do not necessarily represent official OERI position or policy

TEACHER'S GUIDE & RESOURCE BOOK

ANG PATNUBAY NG GURO AT HANGUANG AKLAT

BEST COPY AVAILABLE

CLEAR MATERIALS LIBRARY

S0032 126

2

3

Asian American Bilingual Center

INTRO

INTERACTION
PAKIKISALAMUHA

Social Studies

ARALING PANLIPUNAN

TEACHER'S GUIDE & RESOURCE BOOK

ANG PATNUBAY NG GURO AT HANGUANG AKLAT

Asian American Bilingual Center

National Dissemination and Assessment Center
California State University, Los Angeles, 5151 State University Drive, Los Angeles CA 90032

ACKNOWLEDGEMENTS

The Asian American Bilingual Center's Introductory Level social studies curriculum has resulted from the work of several people. The general conceptual framework was the product of Linda Fong and Cora Rodil. The three volumes were drafted by Linda Fong, Cora Rodil, Cynthia Bonta, and Jessica Ordona. Revisions were done by Lillian Poon, Karen Matsumoto, and Libby Chiu. Rosalyn Chan, Agapito Ramos, William Hames, May Liang, Chester Yoshida, and Wesley Senzaki worked on the illustrations. Editing and other production work was the collaborative effort of Pat Jang, Jose Y. Arcellana, Francis So, Gloria Garcia, Donna Chan, Cordell Yee, Mary Ann Castagnozzi, Joyce Ho, Emily Yu, Valerie Otani, and Linda Wing.

© 1980 by the Berkeley Unified School District

The activity which is the subject of this publication was supported in whole or part by the Office of Education, U.S. Department of Health, Education, and Welfare. However, the opinions expressed herein do not necessarily reflect the position or policy of the Office of Education, and no official endorsement by the Office of Education should be inferred.

Developed by
ASIAN AMERICAN BILINGUAL CENTER
Berkeley, California

Published and distributed by
NATIONAL DISSEMINATION AND ASSESSMENT CENTER
California State University, Los Angeles
5151 State University Drive
Los Angeles, CA 90032

TALALAMANAN

Pambungad iv

Mga Tala para sa Guro viii

Ang Patnubay ng Guro 1

Yunit 1: Kaasalan 3

Pang-Isipang Pahayag:

May epekto ang mga damdamin sa kilos.

Yunit 2: Pagsasarili at Pakikipagtulungan 31

Pang-Isipang Pahayag:

Ang mga gawain ay maisasagawang mabuti sa nag-iisang pagkilos, pangkatang pagkilos o sa pinag-samang paraan.

Yunit 3: Pakikipagtalastasan 51

Pang-Isipang Pahayag:

Kinakailangan ang pakikipagtalastasan.

Hanguan ng mga Kagamitan 71

CONTENTS

Introduction iv

Notes to the Teacher viii

The Teacher's Guide 1

Unit I: Behavior 3

Conceptual Statement:

Feelings affect behavior.

Unit 2: Independence and Cooperation 31

Conceptual Statement:

Tasks can best be done through individual action, group action, or a combination of both.

Unit 3: Communication 51

Conceptual Statement:

Communication is necessary.

Resource Materials 71

PAMBUNGAD

Ang kurikulum ng Dalwikang Sentro ng Asyano-Amerikano ay nagsisikap na pagyamanin ang pagsulong ng bata. Ang layuning ito ay nababatay sa paniniwala na ang pangkaisipang kalinangan ng bata ay hindi maihihiwalay sa kalinangang panlipunan, pandamdamin, at pangkatawan ng bata.

Upang mapadali ang pagsulong ng bata, ang Sentro ay pumili ng isang pamaraang interdisiplinaryo sa paglinang ng kurikulum. Kaya ang kurikulum ng Sentro ay pinagsama sa halip na hiwa-hiwalay sa mga tradisyonal na paksang larangan. Ang araling panlipunan ay napili upang maging buod ng kurikulum. Ang paksa at kaisipan ng araling panlipunan ang naging balangkas upang maitatag ang lahat ng larangan ng kapaksaan --matematika, sining ng wika/pagbasa, sining, at agham.

Ang apat na paksandiwa ng araling panlipunan ay: *Bata, Pamilya, Pamayanan,* at *Likas na Kapaligiran.* Ang mga paksandiwa ay lumilikaw, ang ibig sabihin, lumilitaw muli at lumalawak, sa kabuuan ng kurikulum mula sa isang antas hanggang sa susunod. Karagdagan nito, sa bawat baitang, isa o dalawang panig ng paksa ang binibigyang diin higit sa iba, habang ang bata ay unti-unting lumilipat mula sa payak hanggang sa masalimuot na kaisipan, at mula sa pag-unawa sa sarili hanggang sa pag-unawa sa lipunan.

Nakasama sa apat na paksandiwa ang mga kaisipang: *Pagkakakilanlan, Pangangailangan* at *Pakikisalamuha.*

Pagkakakilanlan

Mahalaga sa buhay ng bawat bata ang isang matatag at tiyak na pagtingin sa sarili. Ito ay mahalaga sa paglinang at pagsulong ng pangkaisipan, pandamdamin, panlipunan, at pangkatawang kakayahan ng bata. Ito ay nagmumula sa tiyak na pagkakilala ng bata sa kanyang pagiging isang taong bukod tangi, bilang isang miyembro ng kaniyang pamilya at pamayanan, at bilang isang kaanib sa kaniyang kultura at kasaysayan. Bunga nito ang paglinang ng isang batang may sariling pagpupunyagi, may kakayahang gumawa ng isang mariing impresiyon sa iba at sa kanyang kapaligiran sa isang malikhain, may pananagutan, at mabahalang gawi.

Pangangailangan

Ang isang batang may sariling-pangangasiwa ay maliwanag na napaghuhulo at nasusuri ang kanyang pangangailangan at kagustuhang pangkatawan, panlipunan, at pangkabuhayan. Sinasaliksik niya ang kanyang pantao at pampaligirang yaman at nasasanay siya sa paggamit nito upang matupad ang kanyang mga pangangailangan. Nalalaman ng bata kung paano nagtutulung-tulong ang mga tao at iba pang may buhay upang matupad ang mga pangangailangan ng bawat isa at makagawa nang mahusay sa ganoong tulung-tulong na pagsisikap.

INTRODUCTION

The Asian American Bilingual Center curriculum attempts to foster the total growth of the child. This goal is based on the belief that the child's cognitive development is inseparable from the child's social, affective and psychomotor development.

In order to facilitate the child's total growth, the Center has selected an interdisciplinary approach to curriculum development. Thus the Center curriculum is integrated rather than segmented into traditional subject areas. Social studies has been selected as the core of the curriculum design. Social studies themes and concepts provide the framework within which all the subject areas--mathematics, reading/language arts, fine arts, and science--are organized.

The four social studies themes are: *Child, Family, Community,* and *Natural Environment.* These themes spiral, that is, reappear and expand, through the curriculum from one level to the next. At each level, one or more aspects of a theme are emphasized more than others as the child moves from simple to complex ideas and from the understanding of self to an understanding of society.

Correlated with the four themes are the concepts: *Identity, Needs,* and *Interaction.*

Identity

A strong and positive self-concept is a vital part of every child's life. It is integral to the development of the child's intellectural, emotional, social, and physical capabilities. It stems from the child's confident recognition of his/her uniqueness as an individual, as a member of his/her family and community, and as a participant in his/her culture and history. It results in the development of a self-determining child, one who is increasingly able to make decisions, solve problems, and make an impact on others and on the environment in a creative, responsible, and concerned manner.

Needs

A self-managing child clearly perceives and analyzes his/her physical, social, and economic wants and needs. S/he explores and becomes skilled in the use of his/her human and environmental resources in order to fulfill those needs. The child is knowledgeable about how people and other living things must work together to fulfill one another's needs and operates competently in that cooperative effort.

Interaction

In order to function effectively with people and within the environment, the child recognizes the necessity and value of interdependence. The child is aware of and respects the values, feelings, and rights of others. S/he understands the impact made upon him/her by others and by factors in the environment, and in turn is able to make an impact on them. The child is perceptive and analytical in his/her interactions. S/he deals with problems, conflicts, and changes with reason and initiative. Skilled in verbal and non-verbal communication, the child understands cause and effect, and collective decision making. The child's actions and interactions reflect his/her concept of him/herself as an individual and as a member of the community. They express his/her culture and history. Thus, it can be seen that *Identity, Needs,* and *Interaction* are closely interwoven.

Pakikisalamuha

Upang mabisang makibagay sa mga tao at sa kapaligiran, nakikilala ng bata ang pangangailangan at kahalagahan ng pagtutulungan. Nababatid at iginagalang ng bata ang kahalagahan, damdamin, at karapatan ng kapwa. Nauunawaan niya ang epekto sa kanya ng mga kapwa at ng mga sanhi sa kapaligiran. Bilang ganti, may epekto din siya sa kanila. Ang bata ·ay mapansinin at mapanuri sa kanyang mga pakikisalamuha. May katuwiran at kakusaan niyang hinaharap ang mga problema, salungatan, at pagbabago. Bihasa sa bigkasin at di-bigkasaing pagpapahayag, nauunawaan niya ang dahilan at epekto, at nanununungkulan at nagpapahalaga siya sa tulungan at sama-samang pagpapasiya. Ang mga kilos at pakikisalamuha ng bata ay naglalarawan ng kanyang pagtingin sa sarili bilang isang tao at isang kasapi ng pamayanan. Ipinahahayag nila ang kanyang kalinangan at kasaysayan. Kaya, makikita na tiyakang magkakaugnay ang *Pagkakakilanlan, Pangangailangan,* at *Pakikisalamuha.*

Ang nilalaman ng kurikulum sa loob ng mga itinatag na takdang-guhit ay damkulturalin na may Asyano-Amerikanong diin. Upang maitatag ang inaasahang bunga sa bawat yunit, natatanging pansin ang ibinigay sa paglakip ng mga kasanayan sa paglilinaw at pagsusuri ng mga kahalgahan, damdamin, at saloobin.

Nakapakete sa tatlong kit ang bawat antas ng kurikulum ng Sentro. Apat na antas ng mga kagamitang pangkurikulum ang nilinang para sa mababang paaralan. Ang programa para sa Panimulang Antas ay binalangkas para sa mga bata sa prekindergarten at kindergarten. Ang programa para sa Unang Antas ay naangkop para sa mga bata sa una at ikalawang grado, ang programa sa Ikalawang Antas para sa ikatlo at ikaapat na grado, at ang programa sa Ikatlong Antas para sa ikalima at ikaanim na grado. Dala ng bawat kit ang isa sa mga kalakhang kaisipan ng Sentro: Kit ng Pagkakakilanlan, Kit ng Pangangailangan, at Kit ng Pakikisalamuha. Bawat kit ay naglalaman ng:

1. patnubay ng guro at hanguang aklat
2. hanbuk sa matematika ng guro
3. hanbuk sa sining ng wika
4. gawaing-aklat sa matematika
5. gawaing-aklat sa sining ng wika
6. batayang babasahin
7. tangkas ng mga plaskard
8. tangkas ng mga tsart
9. tangkas ng mga kuwentong-aklat

Bawat antas ng kurikulum ng Sentro, samakatuwid, ay binubuo ng mahigit sa tatlumpung produkto.

The content of the curriculum within the guidelines established above is multicultural with an Asian American emphasis. In establishing what the student is expected to learn in each unit, particular attention has been given to clarifying and analyzing values, feelings, and attitudes.

The Center's curriculum is packaged into three kits per level. Four levels of curriculum materials have been developed for the elementary grades. The Introductory Level program is designed for prekindergarten and kindergarten children. The Level One program is suitable for students in grades one and two, the Level Two program for grades three and four, and the Level Three program for grades five and six. Each kit carries the name of one of the Center's major concepts: Identity Kit, Needs Kit, and Interaction Kit. In general, each kit contains:

1. a teacher's guide and resource book
2. a teacher's math handbook
3. a teacher's language arts handbook
4. a student math workbook
5. a student language arts workbook
6. a basal reader
7. a set of flashcards
8. a set of charts
9. a set of storybooks

Each level of the Center's curriculum, therefore, consists of more than thirty products.

MGA TALA PARA SA GURO

Ang pinagsama-samang kurikulum ng Dalwikang Sentro ng Asyano-Amerikano ay naglalaman ng tatlong bahagi: matematika, mga sining ng wika, at mga araling panlipunan. Kung ang interdisiplinaryong pampagkatutong kapaligiran ay ilalaan para sa mga mag-aaral, kinakailangan gamitin ng guro ang lahat na tatlong bahagi. Sa ganitong paraan lamang maituturo sa mga bata nang maugnayin at makabuluhan ang nilalaman, mga kaisipan, mga batayang kasanayan at paglinang sa wika. Gayundin, ipinakete ng Sentro ang mga kagamitan sa isang paraang madaling maiaakma ng guro ang mga ito sa mga pansariling pangangailangan ng mga bata sa iba't ibang pampagtuturo pamamaraan.

Ang mga araling panlipunang bahagi ng kurikulum ay kinabibilangan ng mga kagamitan sa araling panlipunan, sining, at araling pangkapaligiran na nakapakete sa mga patnubay at hanguang aklat ng guro, mga kuwentong-aklat, at mga tsart. Tatlong kit—Pagkakakilanlan, Pangangailangan, at Pakikisalamuha—ay inilalaan para sa bawat antas ng kurikulum. Ang bawat kit ay naglalaman ng isang set ng mga kagamitang nakalista. Sa humigit-kumulang na tatlumpung minutong pagtuturo bawat araw, tatlumpung linggo ang kailangan upang matapos ang mga kagamitan sa tatlong kit, o mga sampung linggo sa bawat kit.

Ang Patnubay ng Guro at Hanguang Aklat

Ang Patnubay ng Guro at Hanguang Aklat ang bumubuo ng batayan ng bahaging araling panlipunan. Ang mga yunit sa Panimulang Antas ng Pakikisalamuha ay (I) Kaasalan, (II) Pagsasarili at Pakikipagtulungan, at (III) Pakikipagtalastasan. Ang bawat yunit ay mga tatlong linggo ang tagal.

Ang Patnubay ng Guro at Hanguang Aklat sa Pakikisalamuha ay may naiibang balangkas sa ibang Panimulang Antas na kurikulum. Bawat yunit ay nakatuon sa isang *pang-isipang pahayag*, isang paglalahat ng kaisipan at nilalamang diin ng yunit. Nagsisimula sa isang *panimulang gawain* ang bawat yunit at nagtatapos sa isang *pagtitining na gawain*. Dalawa o tatlong mga *pampagkatutong layunin* ang ipinahahayag sa pagitan. Sa bawat pampagkatutong layunin, isang set ng *mga panggampaning layunin* ang ibinibigay at isang set ng mga *gawain* ang inilarawan. Ang mga panggampaning layunin ay nagpapakilala ng mga kasanayang binibigyan ng diin sa mga gawain.

Ang patnubay at hanguang aklat na ito ay gumagamit ng mapanuring pamamaraan; na, ang bata ang tutuklas para sa kaniyang sarili ng kahulugan ng pakikisalamuha sa pamamagitan ng mga proyekto na diin ang sining at musika. Ang mga malikhaing sining ay ginagamit dahil sa Panimulang Antas, ang kakayahang pangwika ng bata ay hindi pa ganap na linang. Mahalaga sa yugtong ito ng buhay ng bata ang mga gawaing sosyal at laro. Makitid pa ang daigdig ng bata. Ang mga gawain ay binalangkas at pinili na isinaalang-alang ang mga ito.

Mga halimbawang kagamitan at may isang 56 sm. x 71 sm. na walang wikang tsart ang kasama sa mga yunit. Ganoon pa man, dapat dagdagan ng guro ang patnubay at hanguang aklat ng kaniyang sariling mga kagamitan.

NOTES TO THE TEACHER

The Asian American Bilingual Center's integrated curriculum contains three components: mathematics, language arts, and social studies. If an interdisciplinary learning environment is to be provided for the students, it is essential that the teacher use all three components. Only thus can content, concepts, basic skills, and language development be imparted to the children in a cohesive and meaningful way. At the same time, the Center has packaged the materials in such a way that the teacher can easily adapt them to the individual needs of the children and to different instructional techniques.

The social studies component of the curriculum includes social studies, fine arts, and environmental studies materials packaged into a teacher's guide and resource book, storybooks, and charts. Three kits--Identity, Needs, and Interaction--are provided for each curriculum level. Each kit contains a set of the materials listed. At an average of thirty minutes of instruction a day, thirty weeks are needed to cover the materials in all three kits, or about ten weeks for each kit.

The Teacher's Guide and Resource Book

The Teacher's Guide and Resource Book forms the basis of the social studies component. The units in the Introductory Level Interaction Teacher's Guide and Resource Book are (I) Behavior, (II) Independence and Cooperation, and (III) Communication. Each unit is about three weeks long.

The Interaction Teacher's Guide and Resource Book has a format different from that of the rest of the Introductory Level curriculum. Each unit centers on one *conceptual statement,* a generalization of the concept and content emphasis of the unit. Each unit begins with a *preparatory activity* and ends with a *culminating activity*. Two or three *learning objectives* are presented in between. For each learning objective, a set of *performance objectives* are given and a set of *activities* described. The performance objectives indicate the skills to be stressed in the activities.

This guide and resource book uses an investigative approach; that is, the children discover for themselves the meaning of interaction through projects that emphasize art and music. The creative arts are used because at the Introductory Level, the child's language ability is not yet fully developed. Social activities and play are important at this stage of the child's life. The child's world is still small. The activities were designed and selected with these considerations in mind.

Sample materials including one 56 cm. x 71 cm. language-free chart are supplied with the units. The teacher, however, must supplement this guide and resource book with his/her own materials.

TEACHER'S GUIDE

ANG PATNUBAY NG GURO

YUNIT 1 :
Kaasalan

PANG-ISIPANG PAHAYAG

May epekto ang mga damdamin sa kilos.

UNIT 1:
Behavior

CONCEPTUAL STATEMENT

Feelings affect behavior.

BEST COPY AVAILABLE

PANG-ISIPANG PAHAYAG

May epekto ang mga damdamin sa kilos.

Panimulang Gawain

Pampagkatutong Layunin 1

Makikilala ng bata na may iba't ibang uri ng damdamin.

Mga Gawain 1 - 8

Pampagkatutong Layunin 2

Makikilala ng bata kung paano umaapekto ang mga damdamin sa kilos.

Mga Gawain 9 - 13

Pampagkatutong Layunin 3

Makikilala ng bata kung paano naibabahagi sa isa't isa ang mga damdamin.

Mga Gawain 14 - 18

Pagtitining na Gawain

CONCEPTUAL STATEMENT

Feelings affect behavior.

Preparatory Activity

Learning Objective 1

The child will recognize that there are different kinds of feelings.

Activities 1 - 8

Learning Objective 2

The child will recognize how feelings affect behavior.

Activities 9 - 13

Learning Objective 3

The child will recognize how feelings are shared.

Activities 14 - 18

Culminating Activity

PANIMULANG GAWAIN

Ang layunin ng gawaing ito ay mapag-aralan ang iba't ibang damdamin.

Mga kagamitan

Iba pa 1. Mga magasin

Mga panuto

1. Mula sa mga magasin, magpagupit sa mga bata ng mga larawan, ng tao at/o mga sitwasyong nagpapakita ng iba't ibang damdamin. Tiyaking malawakan ang saklaw ng mga damdaming ipakikita.

2. Ipapaliwanag ng bawat bata ang mga larawang ginupit niya, tinutukoy ang mga damdaming pinaniniwalaan niyang naipakita sa mga larawan (kasiyahan sa nakatawang mukha, kalungkutan sa isang libing, atbp.). Ganyaking magbigay pa ng ibang mga pakahulugan sa mga larawan. Tulungan ang mga batang magpasiya na ang iba't ibang tao ay may iba't ibang damdamin sa isang itinakdang sitwasyon.

3. Magpalagay sa mga bata ng isang paskilang pagtatanghal ng mga larawang ginupit nila.

Pampagkatutong Layunin 1

Makikilala ng bata na may iba't ibang uri ng damdamin.

Mga Panggampaning Layunin

Magagawa ng bata na:
1. Kilalanin ang kahit apat na mga damdamin.
2. Ipaliwanag ang mga damdaming ito sa iba't ibang paraan.

GAWAIN 1: Gawaing papel

Mga kagamitan

AABC
1. Pampagtuturong larawan, "Masaya Ako Kapag . . ." (72)
2. Pampagtuturong larawan, "Malungkot Ako Kapag . . ." (73)
3. Pampagtuturong larawan, "Natatakot Ako Kapag . . ." (74)
4. Pampagtuturong larawan, "Nagagalit Ako Kapag . . ." (75)

Mga panuto

1. Magpakopya ng mga siping tulad ng ipinakita at ipamahagi ang ilan sa bawat bata. Magdodrowing siya ng mga larawan sa mga papel na nagpapakita kung ano ang nag-

PREPARATORY ACTIVITY

The objective of this activity is to explore different feelings.

Materials

Other 1. Magazines

Instructions

1. From magazines, have the children cut out pictures of people and/or situations which show different emotions. Make sure a wide range of emotions is represented.

2. Ask each child to explain the pictures s/he cut out, identifying the emotions s/he believes are depicted in the pictures (happiness in a smiling face, sadness at a funeral, etc.). Encourage other interpretations of the pictures. Help the children conclude that different persons might feel different emotions in a given situation.

3. Have the children put up a bulletin board display with the pictures they cut out.

Learning Objective 1

The child will recognize that there are different kinds of feelings.

Performance Objectives

The child will be able to:
1. Identify at least four feelings.
2. Describe these feelings through different media.

ACTIVITY 1: Worksheet

Materials

AABC 1. Teaching picture, "I'm Happy When . . ." (72)
2. Teaching picture, "I'm Sad When . . ." (73)
3. Teaching picture, "I'm Scared When . . ." (74)
4. Teaching picture, "I'm Mad When . . ." (75)

Instructions

1. Make copies of a sheet as shown and distribute several to each child. S/he should fill in the sheets by drawing a picture showing what makes him/her happy, sad, scared, or mad. Each child should compile his/her sheets to make a Feelings Book. Discuss the drawings with the children.

papasaya, nagpapalungkot,tumatakot o nagpapagalit sa kaniya. Dapat tipunin ng bawat bata ang kaniyang mga papel upang makabuo ng isang "Aklat ng mga Damdamin." Talakayin sa mga bata ang kanilang mga drowing.

NAGPAPASAYA SA AKIN

NAGPAPALUNGKOT SA AKIN



TUMATAKOT SA AKIN

NAGPAPAGALIT SA AKIN

2. Talakayin ang mga damdamin at kilos ng mga tao sa mga pampagtuturong larawan, "Masaya Ako Kapag . . . ," "Malungkot Ako Kapag . . . , " at "Natatakot Ako Kapag . . . , " at "Nagagalit Ako Kapag . . . "

   Tulungan ang mga batang unawain na ang pag-iyak ay karaniwan sa mga batang lalaki at babae at ang bawat isa ay umiiyak sa pagkakataon. Ipaliwanag na ang pag-iyak ay nakagagaan ng pakiramdam ng isang tao at hindi nangangahulugang siya ay isang sanggol.

   Kilalanin ang pagkakaiba ng pag-iyak upang tumawag lamang ng pansin at pag-iyak na nagpapakita ng tunay na damdamin.

3. Talakayin ang ilang karaniwang mga dahilan ng takot sa mga bata:

   a. Nakararanas ng mga bago at mapanganib na pangyayari
   b. Nakakatagpo ng mga mahiwaga at di-pangkaraniwang mga bagay
   c. Naaalaala ang mga di-kanais-nais o mapanganib na sitwasyon

   Bigyan ng mga halimbawa ang bawat isa.

MAKES ME HAPPY

MAKES ME SAD

MAKES ME SCARED

MAKES ME MAD

2. Discuss the feelings and actions of the people in the teaching pictures, "I'm Happy When . . . ," "I'm Sad When . . . ," "I'm Scared When . . . ," and "I'm Mad When . . ."

   Help the children understand that crying is common to boys and girls, and that everyone cries on occasion. Explain that crying may make one feel better and doesn't mean that one is a baby.

   Distinguish between crying just to get attention and crying as a display of real feelings.

3. Discuss several common causes of fear among children:

   a. Experiencing unfortunate or hazardous incidents
   b. Encountering strange and unfamiliar things
   c. Recalling unpleasant or dangerous situations

   Give examples of each.

GAWAIN 2: Sining

Mga kagamitan

AABC
1. Tau-tauhang kamay, "Malungkot na Mukha" at "Masayang Mukha" (76-77)
2. Tau-tauhang daliri, "Mga Kaibigan at Damdamin" (78)
3. Napatatayong mga tau-tauhan, "Aming Barkada" (79)

Iba pa
1. Platong papel, mga supot na papel, papel-panggawain
2. Pintura, mga krayola o mga pentel pen
3. Pinturang pandaliri, papel na panggupit

Mga panuto

1. Isagawa ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain:

   a. Pagawin ang mga bata ng mga maskara sa pagdodrowing ng mga mukha sa mga platong papel at/o supot na papel.
   b. Magpadrowing sa mga bata ng mga mukha sa papel-panggawain. Gupitin ang mga ito at gamitin sa paggawa ng isang Mukhang Mobile.
   c. Turuan ang mga batang gumawa ng iba't ibang uri ng tau-tauhan (daliri, papel, napatatayo, atbp.) na may iba't ibang bukas ng mukha.

   Gamit ang mga tau-tauhan, isadula ang mga sitwasyong may kasiyahan, kalungkutan, takot at galit. Tulungan ang mga batang isagawa ang mga ito.

2. Talakayin sa mga bata kung aling mga kulay ang nakapagpapahiwatig na mabuti ng aling mga damdamin. Gamit ang mga pinturang pandaliri at isang malaking pirasong papel na panggupit, ang mga bata ay dapat tumulong lahat sa isang pang-ibabaw ng mesang Doodle Pad ng mga Damdamin.

GAWAIN 3: Musika

Mga kagamitan

Iba pa
1. Hart, Bruce and Steven Lawrence. "Free To Be, You and Me." Ms. Foundation for Women. Sa pagkakaganap ni Marlo Thomas.
2. Lubin, Joe. "Feels So Good." Ivan Tors Music. Sa pagkakaganap ni Chuck Mangione, *Feels So Good.*
3. Ravel, Maurice. *Bolero.*
4. Saint-Saens, Camille. *Carnival of Animals.*
5. Tchaikovsky, Peter. *Nutcracker Suite.*
6. Womack, Bobby. "Breezin'." Unart Music, Tracebob Music, BMI. Sa pagkakaganap ni George Benson, *Breezin'.*

Mga panuto

1. Iparinig sa mga bata ang iba't ibang tugtugin. Pagkatapos, talakayin ang mga damdaming pinupukaw ng bawat tugtugin.

2. Papiliin ang mga bata ng isang tugtugin at ipaliwanag ang kanilang pagkapili.

ACTIVITY 2: Art

Materials

AABC

1. Hand puppets, "Sad Face" and "Happy Face" (76-77)
2. Finger puppets, "Friends and Feelings" (78)
3. Stand-up puppets, "Our Gang" (79)

Other

1. Paper plates, paper bags, construction paper
2. Paints, crayons, or markers
3. Fingerpaints, butcher paper

Instructions

1. Do one or more of the following activities:

   a. Ask the children to make masks by drawing expressions on paper plates and/or paper bags.
   b. Ask the children to draw faces on construction paper, cut them out, and use the cutouts to make a Face Mobile.
   c. Teach the children to make different kinds of puppets (finger, paper, stand-up, etc.) with different facial expressions.

   Using the puppets, dramatize situations involving happiness, sadness, fear, and anger. Help the children do the same.

2. Discuss with the children which colors best express which feelings. Using fingerpaints and a large piece of butcher paper, the children should all contribute to a tabletop Feelings Doodle Pad.

ACTIVITY 3: Music

Materials

Other

1. Hart, Bruce and Steven Lawrence. "Free To Be, You and Me." Ms. Foundation for Women. As performed by Marlo Thomas.
2. Lubin, Joe. "Feels So Good." Ivan Tors Music. As performed by Chuck Mangione, *Feels So Good.*
3. Ravel, Maurice. *Bolero.*
4. Saint-Saens, Camille. *Carnival of Animals.*
5. Tchaikovsky, Peter. *Nutcracker Suite.*
6. Womack, Bobby. "Breezin'." Unart Music, Tracebob Music, BMI. As performed by George Benson, *Breezin'.*

Instructions

1. Have the children listen to different musical selections. Then discuss the different feelings each selection evokes.

2. Ask the children to choose a musical selection and to explain their choice.

GAWAIN 4: Paggalaw

Mga panuto

1. Ipapakita ng mga bata kung paano sila lumakad kapag sila ay masaya, malungkot, takot o galit. Ganyakin ang iba't ibang mga batang ipakita ang iba-ibang lakad na "galit," "takot," atbp.

2. Kung ginawa ang mga maskara sa Gawain 2, ipapakita ng mga bata ang mga galaw ng katawan na angkop sa bawat maskara.

3. Pag-aralan, kasama ng mga bata, ang iba pang mga paraan ng mga pagpapahiwatig ng mga damdamin bukod sa mga bukas ng mukha at mga galaw ng kamay.

GAWAIN 5: Pagsasadula

Mga kagamitan

Iba pa
1. Mga tau-tauhang kamay, "Masayang Mukha" at "Malungkot na Mukha" (76-77)
2. Mga platong papel at mga pandiin sa dila

Mga panuto

1. Gamitin ang mga tau-tauhan, "Masayang Mukha," at "Malungkot na Mukha," upang magsalita tungkol sa mga masaya at malungkot na damdamin. Sabihin sa mga bata na si "Masayang Mukha" ang magsasabi ng tungkol sa masayang damdamin, at si "Malungkot na Mukha" ang magsasabi ng tungkol sa mga malungkot na damdamin.

   Masayang Mukha: Hay! Ang pangalan ko ay Masayang Mukha. Masaya ako dahil sa mga magagandang bagay na nangyari sa akin. Ngayong araw na ito, lalo akong masaya dahil sa mayroon akong bagong bola. Ibinigay ito sa akin ng aking ina dahil sa inalagaan kong mabuti ang kapatid kong lalaki habang siya ay namimili.

   Masasabi lagi ng mga taong ako'y masaya dahil sa aking magandang ngiti. Kita niyo ba kung paano tumaas ang mga panulukan ng aking bibig? Talagang masaya ako. Tila tumataginting ang aking boses at napapakanta ako kung minsan dahil sa napakasaya ko.

   Malungkot na Mukha: Kumusta. Ang pangalan ko'y Malungkot na Mukha. Malungkot ako. Nakatikom ang aking bibig at matamlay at kung minsan ay may luha ang aking mga mata. Gusto mo bang mapakinggan ang pinakahuli kong malungkot na kuwento?

   Mayroon akong bagong bola, tulad ni Masayang Mukha, ngunit nahulog ito sa ilog at naanod. Sinubukan kong habulin ito sa may tabing-ilog ngunit hindi ko naabutan. Ayaw ko rin namang mahulog sa ilog. Ngayon, wala akong mapaglaruang bola. Talagang malungkot ako.

2. Magpagawa sa bawat bata ng isang masayang mukha at isang malungkot na mukha sa dalawang maliliit na platong papel. Ikabit ang bawat plato sa isang pandiin sa dila upang maging hawakan. Habang binabasa ninyo ang bawat isa sa mga sumusunod na tanong, ipataas sa bawat bata ang mukha na nagpapahiwatig kung ano ang nadarama niya. Tiyak na lahat ng mga bata ay hindi magpapakita ng parehong mukha dahil sa magkakaroon sila ng iba't ibang pandamdaming reaksyon.

ACTIVITY 4: Movement

Instructions

1. Ask the children to demonstrate how they walk when they are happy, sad, scared, or mad. Encourage different children to show variations of a "mad" walk, a "scared" walk, etc.

2. If masks were made in Activity 2, ask the children to demonstrate body movements appropriate to each mask.

3. Explore with the children other means of expressing feelings aside from facial expressions and hand gestures.

ACTIVITY 5: Role Play

Materials

AABC 1. Hand puppets, "Happy Face" and "Sad Face" (76-77)

Other 1. Paper plates and tongue depressors

Instructions

1. Use the puppets, "Happy Face" and "Sad Face," to talk about happy and unhappy feelings. Tell the children that "Happy Face" will talk about happy feelings, and "Sad Face" will talk about unhappy feelings.

   Happy Face: Hi! My name is Happy Face. I am happy because nice things happen to me. Today I'm especially happy because I have a new ball. My mom gave it to me because I took good care of my brother while she went shopping.

   People can always tell I'm happy because I wear this big smile. See how the corners of my mouth turn up? I sound happy, too. I talk with a ring in my voice, and sometimes I sing because I'm so happy.

   Sad Face: Hello. My name is Sad Face. I am sad. My mouth and eyes droop, and sometimes there are tears in my eyes. Do you want to hear my latest sad story? I had a new ball, just like Happy Face, but it fell into the river and floated away. I tried chasing it, running beside the river, but I couln't catch it. I didn't want to fall in the river also. Now I don't have my ball to play with. I am really sad.

2. Have each child make a happy face and a sad face from two small paper plates. Attach each plate to a tongue depressor to act as a handle. As you read each of the following questions, have each child hold up the face that expresses how s/he feels. Obviously, all the children need not show the same face because they will have different emotional reactions.

Itanong: Ano ang nadarama mo kapag

a. May nagsabi sa iyong hindi ka mabait?
b. May nagalit sa iyo?
c. May ngumiti sa iyo?
d. May nagsabing gusto ka niya?
e. Sinasabi mo sa isang taong gusto mo siya?
f. Umagang umaga?
g. Gabing gabi na?
h. Pupunta ka sa isang handaan?
i. Nanalo ka sa isang palaro?
j. May ibang nanalo sa palaro?
k. Sinabihan kang nakagawa ka ng mahusay na trabaho?
l. Mayroon kang bagong laruan?
m. Nasira ang bago mong laruan?
n. Bumabasa ka ng isang kuwento sa klase?
o. Tumutulong ka sa isang tao?

GAWAIN 6: Pagsasakilos

Mga panuto

1. Dalhin ang mga bata sa isang piping pagtatanghal, magpakita ng pelikula ng isang piping pagtatanghal o gumawa ng sariling piping pagtatanghal. Ipalarawan sa mga bata kung ano ang kanilang nakikita at ipaliwanag kung ano ang nangyayari.

2. Hatiin ang mga bata sa tatluhang pangkat na magsasagawa ng isang piping palabas. Bigyang diin na hindi sila pinapayagang gumamit ng anumang salita, mga galaw lamang ng katawan at mga bukas ng mukha. Magmungkahi ng mga sitwasyong may mga damdaming umaapekto sa kilos.

Ipatanghal sa bawat pangkat ang kani-kanilang piping palabas at hilingin sa iba sa klase na bigyang kahulugan ang pagtatanghal.

3. Hilingin sa mga bata: Isakilos ang nadarama kapag

a. Nakatanggap ka ng isang tawag sa telepono at may nag-aanyaya sa iyo sa isang handaan.
b. Nakatanggap ka ng isang tawag sa telepono at ipinaaalaala sa iyo ng dentista na mayroon kang pakikipagtipan.
c. Tumanaw ka sa bintana at nakakita ka ng isang maliit na ibong tumama sa salamin at nahulog sa lupa.
d. Dumungaw ka at nakita mong umuulan nang malakas (1) sa araw ng palaro; (2) sa araw ng inyong pampaaralang piknik.
e. Nakakita ka ng isang malaking asong tumatakbong papunta sa iyo.
f. Nagbukas ka ng isang regalong nasa isang malaking kahon.
g. Nakakita ka ng (1) isang magandang bato; (2) isang paruparo; (3) isang pugad ng ibon.
h. Nakita mong nasira ang iyong bat sa baseball.
i. Nakita mo ang mga taong nililoko ang isang aso.
j. Natikman mo ang paborito mong timpla ng sorbetes.

Ask: How do you feel when:

a. Someone says you are not nice?
b. Someone scolds you?
c. Someone smiles at you?
d. Someone says s/he likes you?
e. You tell someone you like him/her?
f. It's early in the morning?
g. It's late at night?
h. You are going to a party?
i. You win a game?
j. Someone else wins a game?
k. Someone says you did good work?
l. You have a new toy?
m. A new toy breaks?
n. You read a story to the class?
o. You are helping someone?

ACTIVITY 6: Mime

Instructions

1. Take the children to a mime performance, show a film of a mime performance or improvise a mime show by yourself. Ask the children to describe what they see and to explain what is happening.

2. Divide the children into groups of three and help each group do a mime show. Stress that they are not allowed to use any words, only body movements and facial expressions. Suggest situations involving feelings that affect behavior.

Have each group perform its mime show and ask the rest of the class to interpret the performance.

3. Tell the children: Mime how you would feel when

   a. You get a phone call and someone invites you to a party.
   b. You get a phone call and the dentist reminds you that you have an appointment.
   c. You are looking out the window and see a little bird hit the glass and fall to the ground.
   d. You look out the window and see it's raining hard (1) on the day of the game; (2) on the day of your school picnic.
   e. You see a large dog running toward you.
   f. You open a present in a big package.
   g. You find (1) a pretty stone; (2) a butterfly; (3) a bird's nest.
   h. You find your baseball bat is broken.
   i. You see people teasing a dog.
   j. You taste your favorite ice cream flavor.

GAWAIN 7: Laro

Mga kagamitan

AABC 1. Laro, "Paikot ng mga Damdamin" (80)

Mga panuto

1. Ipabuo sa mga bata ang larong, "Paikot ng mga Damdamin." Ipalarawan sa mga bata ang iba't ibang bukas ng mukha sa paikot at ang mga damdaming ipinahihiwatig ng mga ito.
2. Upang makapaglaro, hali-haliling ipaikot sa mga bata ang panuro, pagkatapos ay ilalarawan ang isang sitwasyon na nagpapasaya, nagpapalungkot, tumatakot o nagpapagalit sa kaniya batay sa kung saan tumapat ang panuro.

GAWAIN 8: Talakayan

Mga panuto

1. Talakayin sa mga bata ang iba't ibang ipinapalagay na mga sitwasyon, kasama ang kung paano nabubuo ang mga damdamin at nababago sa loob ng itinakdang sitwasyon; halimbawa:

   Talagang masaya si Mary nang siya at ang kaniyang kapatid na lalaki ay isinama sa parke ng kanilang lolo.

Sa parke, naglaro nang matagal sa kahon ng buhangin ang magkapatid. Gumagawa ng kastilyo ang bawat isa sa kanila. Pinagbuti ni Mary ang paggawa niya. Hindi niya napansing gumala ang kapatid niya.

Di kaginsa-ginsa, nakarinig siya ng isang batang umiiyak. Nang tumingala siya, nakita niyang kapatid pala niya iyon. Dumudugo ang tuhod. Tinawag ni Mary ang kaniyang lolo ngunit hindi niya makita kahit saan. Tumakbo siya sa kaniyang kapatid. Sa pagkakataong iyon, nakita niyang papalapit na sa kanila ang kanilang lolo.

a. Ano ang damdamin ni Mary sa pagpunta sa parke?
b. Ano sa palagay mo ang nadama ni Mary nang marinig niyang may umiiyak? Sa palagay mo kaya'y nagbago ang kaniyang damdamin nang makita niyang kapatid niya ang umiiyak?
c. Ano ang ginawa ni Mary oras na malaman niya kung sino ang umiiyak at bakit? Ano ang maaaring ginawa mo?
d. Ano ang nadama ni Mary nang makita niyang dumarating ang kaniyang lolo upang tumulong? Bakit siya natuwa?
e. Sa palagay mo, ilang ulit nagbago ang damdamin ni Mary? Bakit nagbago ang kaniyang damdamin sa napakaikling panahon?

ACTIVITY 7: Game

Materials

AABC 1. Game, "Emotions Spinner" (80)

Instructions

1. Have the children contruct the game, "Emotions Spinner." Ask the children to describe the different facial expressions on the spinner and the feelings they express.
2. To play the game, have the children take turns spinning the pointer and then describing a situation which makes him/her happy, sad, scared, or mad depending on where the pointer falls.

ACTIVITY 8: Discussion

Instructions

1. Discuss different hypothetical situations with the children, including how feelings develop and change within a given situation; for example:

   Mary was really happy when her grandfather took her brother and her to the park.

At the park, she and her brother played in the sand box for a long time. They were each building a castle. Mary worked hard on her castle. She didn't notice that her brother wandered off.

All of a sudden, she heard a little child crying. When she looked up, she found it was her brother. His knee was bleeding. Mary called for her grandfather but she didn't see him anywhere. She ran towards her brother. At that moment, she saw her grandfather coming towards them.

a. How did Mary feel about going to the park?
b. How did you think Mary felt when she heard someone crying? Do you think her feelings changed when she saw that it was her own brother who was crying?
c. What did Mary do as soon as she knew who was crying and why? What would you have done?
d. How did Mary feel when she saw her grandfather coming to help? Why was she happy?
e. How many times do you think Mary's feelings changed? Why did her feelings change in so short a time?

Pampagkatutong Layunin 2

Makikilala ng bata kung paanong ang damdamin ay umaapekto sa kilos.

Mga Panggampaning Layunin

Magagawa ng bata na:

1. Ilarawan kung paanong ang mga damdamin kung minsan ang humahawak sa kilos.
2. Ipakita sa iba't ibang paraan kung paanong ang mga damdamin ay umaapekto sa kilos.
3. Tuklasin ang mga pandamdaming dahilan sa ilang kilos.

GAWAIN 9: Gawaing papel

Mga panuto

1. Magpakopya ng mga siping tulad ng ipinakita at ipamahagi ang ilan sa bawat bata. Lalagyan niya ang mga papel ng drowing na nagpapakita kung ano ang ginagawa niya kapag siya ay masaya, malungkot, takot o galit. Idaragdag ng bawat bata ang mga natapos niyang papel sa kaniyang Aklat ng mga Damdamin. Talakayin sa mga bata ang kanilang mga drowing.

KAPAG AKO'Y MASAYA

KAPAG AKO'Y MALUNGKOT

KAPAG AKO'Y TAKOT

KAPAG AKO'Y GALIT

Learning Objective 2

The child will recognize how feelings affect behavior.

Performance Objectives

The child will be able to:

1. Describe how feelings sometimes govern behavior.
2. Display through various media how feelings affect behavior.
3. Discover the emotional causes for certain behavior.

ACTIVITY 9: Worksheet

Instructions

1. Make copies of a sheet as shown and distribute several to each child. S/he should fill in the sheets by drawing a picture showing what s/he'd do when s/he's happy, sad, scared, or mad. Each child should add completed sheets to his/her Feelings Book. Discuss their drawings with the children.

WHEN I AM HAPPY, I

WHEN I AM SAD, I

WHEN I AM SCARED, I

WHEN I AM MAD, I

GAWAIN 10: Pagsasadula

Mga panuto

1. Tulungan ang mga bata sa pagsasadula ng mga sitwasyong may bukas na wakas na may pandamdaming reaksiyon; halimbawa:

   a. Ayaw ipahiram ng isang bata ang lapis niya sa isa pang bata dahil sa noong huli niyang ginawa iyon, binali ito. Nangangako ang humihiram na bata na magiging maingat siya ngayon ngunit ayaw pa rin ng unang bata.
   b. May gusto sa isa't isa ang dalawang bata ngunit nahihiyang sabihin ito. Nagpasiya ang isa na bigyan ng regalo iyong isa ngunit hindi niya alam kung paano niya ito gagawin at kung dapat.

GAWAIN 11: Sining

Mga kagamitan

Iba pa
1. Papel na pandrowing
2. Pintura, mga krayola o pentel pen

Mga panuto

1. Pagkunwariin ang mga batang nasa isang partikular na kalagayan at pagkatapos ay pagpintahin ng mga larawan batay sa kanilang kalooban. Halimbawa, ang isang batang nagkukunwaring masaya ay maaring magpinta ng isang tanawin sa isang aliwalas na araw, o ang "galit" na bata ay maaring magpinta ng isang dambuhala.

2. Hatiin ang mga bata sa mga pangkat. Magpadrowing sa bawat bata ng isang larawang nagpapakita kung ano ang ikikilos niya at madarama sa isa sa mga sumusunod na sitwasyon. Ang mga batang kasama sa isang pangkat ay dapat pumili ng magkakaibang sitwasyon. Talakayin ang mga drowing sa bawat pangkat.

   a. Minura ka ng ibang mga bata.
   b. Mayroon kang alagang pagong at nakalimutan mo itong pakainin nang ilang araw.
   c. Sinagot mo ang iyong ina nang sabihin sa iyong ika'y matulog na.
   d. Itinulak mo ang isang bata sa kaniyang upuan.
   e. Iniwan mo ang bisikleta mo sa daan.

GAWAIN 12: Musika

Mga kagamitan

Iba pa 1. Iba't ibang instrumentong pangmusika

Mga panuto

1. Talakayin sa mga bata kung ano ang gusto nilang gawin habang sila'y nakikinig sa iba't ibang uri ng musika; halimbawa:

   a. Manginig at magtago sa *Danse Macabre*.
   b. Pumalakpak at umikot nang umikot sa "Waltz of the Flowers."
   c. Mangarap at umindak sa "The Swan" sa *Carnival of Animals*.
   d. Maging isang spaceship sa "Star Wars Theme."

2. Laruin ang Sundan ang Pinuno sa musika.

ACTIVITY 10: Role Play

Instructions

1. Assist the children in role playing open-ended situations that involve an emotional reaction; for example:

   a. One child won't lend his/her pencil to another because the last time s/he did, the other child broke it. The other child promises to be careful this time, but the first child still refuses.
   b. Two children like each other but are too embarrassed to say it. Then one of them decides to give the other a gift, but doesn't know how to do it, or even if s/he should.

ACTIVITY 11: Art

Materials

Other
1. Drawing paper
2. Paint, crayons, or markers

Instructions

1. Have the children pretend to be in a particular mood and then paint pictures according to their mood. For example, a student who pretends to be happy might paint a scene on a sunny day, or an "angry" student might paint a monster.

2. Divide the class into groups. Have each child draw a picture showing how s/he would act and feel in one of the following situations. Children belonging to one group should choose different situations. Discuss the drawings among each group.

   a. The other children call you a name.
   b. You had a pet turtle and forgot to feed it for several days.
   c. You talked back to your mother when she told you to go to bed.
   d. You pushed a child out of his seat.
   e. You left your bike out in the street.

ACTIVITY 12: Music

Materials

Other
1. Different musical selections

Instructions

1. Discuss with the children what they would want to do as they listen to different kinds of music; for example:

   a. Shiver and hide to *Danse Macabre.*
   b. Clap hands and turn around and around to "Waltz of the Flowers."
   c. Swoon and sway to "The Swan" in *Carnival of Animals.*
   d. Be a spaceship to the "Star Wars Theme."

2. Play Follow the Leader to music.

GAWAIN 13: Talakayan

Mga kagamitan

AABC 1. Gawaing aklat, "Ano ang Gagawin Mo?" (81-84)

Mga panuto

1. Ang mga damdamin, ganoon din ang pangangatuwiran, ay may impluwensiya sa kung paano gumagawa ng pasiya ang mga tao. Gamit ang gawaing aklat, pag-aralan, kasama ng mga bata, ang iba't ibang mga paglutas sa problemang sitwasyon at paano napapasama ang mga damdamin.

Pampagkatutong Layunin 3

Makikilala ng bata kung paano maibabahagi sa isa't isa ang mga damdamin.

Mga Panggampaning Layunin

Magagawa ng bata na:
1. Siyasatin ang iba't ibang paraan na maibabahagi sa isa't isa ang mga damdamin.
2. Kilalanin kung kailan naaangkop na maibahagi sa isa't isa ang mga damdamin at kung kailan hindi.

GAWAIN 14: Mga Pagpupulong ng Klase

Para sa paghahanda ng guro

1. Glasser, William. *Schools Without Failure.* New York: Harper & Row, 1969.

Mga panuto

1. Magkaroon ng mga pagpupulong ng klase sa paraang Glasser upang talakayin ang iba't ibang damdamin nang may kalaliman.

   Ang paraang Glasser na mga pagpupulong ng klase ay dapat kasali ang bawat isa sa pagtalakay ng isang paksang kanais-nais sa lahat. Ang pinuno, na karani-

ACTIVITY 13: Discussion

Materials

AABC 1. Activity book, "What Would You Do?" (81-84)

Instructions

1. Feelings as well as reasoning influence how people make decisions. Using the activity book, explore with the children different problem-solving situations and discuss how feelings are involved.

Learning Objective 3

The child will recognize how feelings are shared.

Performance Objectives

The child will be able to:
1. Explore different ways of sharing feelings.
2. Distinguish when the sharing of feelings is appropriate and when it is not.

ACTIVITY 14: Class Meetings

For teacher reference

1. Glasser, William. *Schools Without Failure.* New York: Harper & Row, 1969.

Instructions

1. Conduct Glasser-style class meetings to discuss different feelings in more depth.

   Glasser-style class meetings should involve everyone in the discussion of a topic that is interesting to all. The

wang ang guro, ang magtatanong batay sa mga pagkakasunud-sunod ng a) pagbibigay-kahulugan, b)pagbibigay-katauhan, at c) paghahamon; halimbawa:

a. Ano ang kaligayahan?
b. Anong mga bagay ang nagpapaligaya sa iyo?
c. Ano ang gagawin mo kung may isang magpapaligaya sa iyo?

Ang mga tuntunin para sa pagpupulong ng klase ay:

a. Ang pinuno o guro ay di dapat magpakita ng anumang damdamin, sa bukas ng mukha o pagtaas ng boses. Sa ganitong paraan, hindi madarama ng mga bata na pinagpapasiyahan ang sinasabi nila.
b. Isang tao lamang ang maaaring magsalita sa isang panahon.
c. Ang mga nais magsalita ay dapat magtaas ng kamay at maghintay na sila ay matawag.
d. Ang bawat isa ay dapat makinig sa nagsasalita.
e. Ang mga bata ay dapat manatiling nakaupo sa isang bilog.

Maaaring ito'y parang padisiplina, subalit isaisip natin na ang paksang tinatalakay ay higit na mahalaga kaysa sa paraang ginagamit. Ang mga tuntunin ay ginawa para sa kapakanan ng lahat ng mga bata, hindi lamang para sa mga palasalita.

Magtanong nang minsan sa bawat pagkakataon. Umikot sa bilog, upang makakuha ng tatlo o apat na mga kasagutan sa bawat tanong.

GAWAIN 15: Pagsasadula

Mga panuto

1. Magsadula ng mga sitwasyong may diwang pagbibigayan o aksiyon-reaksiyon.

   a. May bagong kapatid na babae si Alice. Kahapon, nagkaroon sila ng handaang mga pulang itlog at luya. Kung minsan gusto ni Alice ang bago niyang kapatid, sa ibang panahon, ayaw niya. (Bakit? Kailan?)
   b. Itinulak ni Ellen sa putikan ang matalik na kaibigan ni Lindang si Mary. Umiyak si Mary. Tumakbo sa kanila si Linda. (Upang aliwin si Mary? Upang sigawan si Ellen?)
   c. Si Pat ay nasa paliguan. Biglang-bigla, namatay ang ilaw. Sumigaw siya. (Natakot? Nagulat?)
   d. Sina Tom at Jerry ay dalawang linggo nang gumagawa sa kanilang modelong eroplano. Labis silang nasiyahan at nagyapusan sila at nagtatalon. Hinangaan ng bawat isa ang eroplano.
   e. Wala sa kondisyon si Steve dahil sa ayaw siyang isama sa parke ng dalawa niyang nakatatandang kapatid na babae, sina Sarah at Judy. Nagpasiya siyang gumawa ng anumang magpapagalit sa dalawa. Pumasok siya sa kanilang silid at ginulo ang kanilang mga gamit. (Ano ang nangyari nang umuwi ang magkapatid na babae?)

leader, usually the teacher, asks the questions, based on a sequence of a) defining, b) personalizing, and c) challenging; for example:

a. What is happiness?
b. What things make you happy?
c. What would you do if someone makes you happy?

The rules for the class meetings are:

a. The leader or teacher must never show any emotions, through facial expression or voice inflection. This way, the children will not feel that judgement is being passed on what they say.
b. Only one person may speak at a time.
c. Those who wish to speak must raise their hands and wait to be called on.
d. Everyone must pay attention to the speaker.
e. The children must remain seated in a circle.

This may sound regimented, but bear in mind that the topic of discussion is much more important than the way it is discussed. The rules are set up to benefit all the children, not just the outspoken ones.

Ask the questions one at a time. Go around the circle, eliciting three or four responses to each question.

ACTIVITY 15: Role Play

Instructions

1. Role play situations with a sharing or an action-reaction motif:

   a. Alice has a new baby sister. Yesterday they had a red eggs and ginger party. Sometimes Alice likes her new sister and other times, she doesn't. (Why? When?)
   b. Ellen pushed Linda's best friend Mary into a mud puddle. Mary started to cry. Linda ran over to them. (To comfort Mary? To yell at Ellen?)
   c. Pat was in the shower. All of a sudden, the lights went out. She screamed. (Frightened? Surprised?)
   d. Tom and Jerry have been working on their model airplane for two weeks. They were so pleased that they hugged each other and jumped up and down. Everyone admired the airplane.
   e. Steve was in a bad mood because his two older sisters, Sarah and Judy, would not take him along to the park. He decided to do something to make them mad, so he went to their rooms and messed their things up. (What happened when the sisters got home?)

GAWAIN 16: Mga Kuwento

Mga kagamitan

Iba pa

1. Raskin, Ellen. *Nothing Ever Happens on My Block.* New York: Atheneum Publishers, 1966.
2. Sendak, Maurice. *Where the Wild Things Are.* New York: Harper & Row, 1963.
3. Uchida, Yoshiko. *Birthday Visitor.* New York: Charles Scribner's Sons, 1975.
4. Udry, Janice M. *Let's Be Enemies.* New York: Harper & Row, 1961.
5. Well, Rosemary. *Benjamin and Tulip.* New York: Dial Press, 1973.

Mga panuto

1. Basahin sa mga bata ang kuwento. Talakayin sa kanila kung bakit ganoon ang damdamin at kilos ng mga tauhan. Tulungan din ang mga bata na maghinuha kung ano ang madarama at ikikilos nila kung sila ang nasa kuwento.

GAWAIN 17: Talakayan

Mga panuto

1. Ipalarawan sa mga bata ang mga sitwasyong nais nilang ibahagi ang kanilang mga damdamin at saan nila ayaw; halimbawa:

a. Nawalan ng trabaho ang ama. Malungkot na malungkot ang ina. Kung minsan gusto na naming magkapatid na umiyak, ngunit natatakot kami.
b. May maliliit na dahon na ang bawat butong itinanim namin sa aming silid-aralan. Tuwang-tuwa kami kaya inanyayahan namin ang kabilang klase na tingnan ito.

GAWAIN 18: Laro

Mga panuto

1. Maglaro ng ibang paraan ng "Sabi ni Simon." Dapat magpakita ang mga bata ng naaangkop na mga pahiwatig at galaw lamang sa mga pahayag na pinangungunahan ng "Sabi ni Simon"; halimbawa:

   a. "Sabi ni Simon, pupunta kayo sa sirko." Ngingiti, tatawa, papalakpak ang mga bata.
   b. "Pupunta kayo sa sirko." Pananatilihin ng mga batang maayos ang kanilang mga mukha; ang sinumang ngumisi ay labas.

ACTIVITY 16: Stories

Materials

Other
1. Raskin, Ellen. *Nothing Ever Happens on My Block.* New York: Atheneum, 1966.
2. Sendak, Maurice. *Where the Wild Things Are.* New York: Harper & Row, 1963.
3. Uchida, Yoshiko. *Birthday Visitor.* New York: Charles Scribner's Sons, 1975.
4. Udry, Janice M. *Let's Be Enemies.* New York: Harper & Row Publishers, Inc., 1961.
5. Well, Rosemary. *Benjamin and Tulip.* New York: Dial Press, 1973.

Instructions

1. Read stories to the children. Discuss with the students why the characters feel and act the way they do. Also help the children speculate how they would feel and act if they were in the story.

ACTIVITY 17: Discussion

Instructions

1. Ask the children to describe situations where they would want to share their feelings and where they don't; for example:
   a. Father lost his job. Mother is very unhappy. Sometimes, my sister and I want to cry, but we are too scared to.
   b. The seeds we planted in our classroom now have two tiny leaves each. We were so excited that we invited the class next door to take a look.

ACTIVITY 18: Game

Instructions

1. Play a variation of "Simon Says . . . ." The children should react with appropriate expressions and gestures only to those statements preceded by "Simon Says"; for example:
   a. "Simon says you're going to the circus." The children smile, laugh, clap their hands.
   b. "You're going to the circus." The children keep a straight face; anyone who giggles is out.

PAGTITINING NA GAWAIN

Ang layuning pangkaasalan ng gawaing ito ay upang mapalagay sa sariling damdamin.

Mga panuto

1. Sa pagsisimula ng araw, magpadrowing sa bawat bata ng "Bilog ng Damdamin." Magdodrowing sila ng isang bukas ng mukha sa gawing kanan ng bilog upang ipakita kung ano ang damdamin nila sa pagkakataong iyon. Sa pagtatapos ng araw, magdodrowing sila ng isa pang mukha sa gawing kaliwa upang ipakitang muli kung ano ang nadarama nila. Hindi na kailangang talakayin pa ang bilog.

2. Ngayon at sa iba pang araw, tipunin ang mga bata nang ilang sandali upang mag-isip tungkol sa kanilang mga nadarama sa oras na iyon. Hayaan ang mga batang magpahayag ng kanilang mga damdamin sa anumang paraang pinakamabisa: ngumiti, tumawa, sumigaw, umiyak, atbp. Pansinin na ang pagpapahayag ng kanilang mga damdamin ay maaaring di na kailangan, sapat nang magkaroon ang mga bata ng ilang panahong makapag-isip tungkol dito.

CULMINATING ACTIVITY

The behavioral objective of this activity is to become comfortable with one's own feelings.

Instructions

1. At the beginning of the day, have each child draw an "Emotion Circle." They are to draw a facial expression on the right side of the circle to show how they feel at the moment. At the end of the day, they are to draw another face on the left side to again show how they feel. It is not necessary to discuss the circle.

2. Now and then, gather the children for a few moments to think about their feelings at the moment. Allow the children to express their feelings in whichever way that is most effective: smile, laugh, scream, cry, etc. Note that expressing their feelings may not be necessary, as long as the children have a few moments to think about them.

YUNIT 2 :
Pagsasarili at Pakikipagtulungan

PANG-ISIPANG PAHAYAG

Ang mga gawain ay maisasagawang mabuti sa nag-iisang pagkilos, pangkatang pagkilos o sa pinag-samang paraan.

UNIT 2 :
Independence and Cooperation

CONCEPTUAL STATEMENT

Tasks can best be done through individual action, group action, or a combination of both.

BEST COPY AVAILABLE

PANG-ISIPANG PAHAYAG

Ang mga gawain ay maisasagawang mabuti sa nag-iisang pagkilos, pangkatang pagkilos o sa pinagsamang paraan.

Panimulang Gawain

Pampagkatutong Layunin 1

Makikilala ng bata na ang ilang mga gawain ay maisasagawang mabuti sa nag-iisang pagkilos.

Mga Gawain 1 - 4

Pampagkatutong Layunin 2

Makikilala ng bata na ang ibang mga gawain ay maisasagawang mabuti sa pangkatang pagkilos.

Mga Gawain 5 - 8

Pampagkatutong Layunin 3

Makikilala ng bata na ang iba pang mga gawain ay maisasagawang mabuti sa pinagsamang nag-iisa at pangkatang pagkilos.

Mga Gawain 9 - 13

Pagtitining na Gawain

CONCEPTUAL STATEMENT

Tasks can best be done through individual action, group action, or a combination of both.

Preparatory Activity

Learning Objective 1

The child will recognize that some tasks can best be done through individual action.

Activities 1 - 4

Learning Objective 2

The child will recognize that other tasks can best be done through group action.

Activities 5 - 8

Learning Objective 3

The child will recognize that still other tasks can best be done through a combination of individual and group action.

Activities 9 - 13

Culminating Activity

PANIMULANG GAWAIN

Ang layunin ng gawaing ito ay paunlarin ang pagpapahalaga sa pananagutan sa sariling pagkilos.

Mga kagamitan

AABC 1. Mga pampagtuturong larawan, "Ang Dalawang Gagamba" (85-92)

Mga panuto

1. Kulayan, idikit, at itanghal ang mga pampagtuturong larawan. Basahin sa mga bata ang kuwento.

2. Talakayin ang kuwento. Bigyang diin na ang bawat tao ay mananagot sa anumang gawin niya at ang bawat gawain (lalo na ang mga mahahalaga, tulad ng paggawa ng bahay ng mga gagamba sa kuwento) ay dapat maingat na pag-isipang mabuti.

3. Hali-haliling ipasadula sa mga bata ang kuwento. Pagampanan sa kanila ang mga papel ng hangin at ulan, bilang karagdagan sa mga papel ng dalawang gagamba at ng ina ng mga ito.

Pampagkatutong Layunin 1

Makikilala ng bata na ang ilang mga gawain ay maisasagawang mabuti sa nag-iisang pagkilos.

Mga Panggampaning Layunin

Magagawa ng bata na:
1. Isagawa ang iba't ibang mga gawain nang nag-iisa.
2. Ipaliwanag kung bakit ang mga ibinigay na gawain ay higit na mabuting naisasagawa sa nag-iisang pagkilos.

GAWAIN 1: Pagsasadula

Mga panuto

1. Magpasadula sa mga bata ng sitwasyong nangangailangan ng madaliang pagkilos. Iba-ibahin ang mga sitwasyon upang kung minsan ang pagkilos ay kailangang nag-iisa at sa ibang pagkakataon nama'y pangkatan. Halimbawa:

   a. Naglalaro sa bakuran ng paaralan pagkatapos ng klase sina Ming at Chi-man. Di kaginsa-ginsa, si Chi-man ay napilayan sa bukung-bukong at hindi makalakad. Ano ang dapat gawin ni Ming? Ibahin ang sitwasyon na 1) si Chi-man ay nag-iisa at kaila-

PREPARATORY ACTIVITY

The objective of this activity is to develop a sense of responsibility for one's actions.

Materials

AABC 1. Teaching pictures, "The Two Spiders" (85-92)

Instructions

1. Color, mount, and display the teaching pictures. Read the story to the children.

2. Discuss the story. Emphasize that each person is responsible for whatever s/he does, and that every task (especially important ones, like the spiders building their cobwebs in the story) has to be carefully thought through.

3. Have the children take turns dramatizing the story. Have them play the parts of the wind and the rain, in addition to the parts of the two spiders and their mother.

Learning Objective 1

The child will recognize that some tasks can best be done through individual action.

Performance Objectives

The child will be able to:
1. Perform various activities independently.
2. Explain why given tasks are better done through individual action.

ACTIVITY 1: Role Play

Instructions

1. Have the children role play situations in which immediate action is required. Vary the situations so that sometimes the action must be taken individually, other times by a group. For example:

   a. Ming and Chi-man were playing in the schoolyard after school. Suddenly, Chi-man sprained his ankle and could not walk. What should Ming do? Vary the situation so that 1) Chi-man is by himself and

ngang matulungan, at 2) si Chi-man ay kasama ng mga kaibigan na may iba't ibang idea kung paano tutulong.

b. Si Gloria ay nag-aalaga ng dalawang taong gulang na pamangkin sa bahay ng kaniyang tiya. Gumala ang bata nang di niya napapansin. Nakita niyang umaakyat ang bata sa matarik na hagdanan. Ano ang dapat niyang gawin? Ibahin ang sitwasyon na si Gloria ay kasama ng mga kaibigan na may iba't ibang idea kung ano ang gagawin.

2. Talakayin sa mga bata ang mga isinadulang sitwasyon. Tanungin kung bakit kailangan ang madaliang pagkilos sa bawat isa at kung paano ito maisasagawa nang pinakamabuti.

GAWAIN 2: Sining

Mga kagamitan

Iba pa 1. Pangkulay sa pagkain, tuwalyang papel, tasang papel

Mga panuto

1. Turuan ang mga bata kung paano palamutian ang mga placemat gamit ang simpleng paraan ng pagtitinang Hapones.

   Itupi ang tuwalyang papel nang ilang ulit at sa iba't ibang paraan. Ilubog ang mga gilid at sulok ng itinuping tuwalyang papel sa tasang papel na naglalaman ng pangkulay sa pagkain na hinaluan ng tubig.Gumamit ng iba't ibang kulay. Sisipsip ang tuwalya ng marami o kaunting tina batay sa kung gaano katagal itong inilubog. Iladlad ang tuwalya upang maipakita ang makulay na disenyo.

2. Ipagawa sa isang pangkat ng mga bata na magkakasama ang isang placemat. Ipagawa nang nag-iisa sa mga iba ang kani-kanila. Pag-usapan kung alin ang lalong mabuting paraan sa pagpapalamuti sa mga placemat (nag-iisa o papangkat), at bakit:

   a. Alin ang lalong mabilis na paraan?
   b. Sinu-sinong mga bata ang gumawa ng lalong makukulay na mga disenyo? mga higit na kanais-nais?
   c. Sinu-sinong mga bata ang pinakamasaya sa kanilang ginawa?

GAWAIN 3: Sining

Mga kagamitan

Iba pa 1. Papel na pandrowing, krayola

Mga panuto

1. Hilingin sa mga batang iguhit at kulayan ang larawan ng kanilang sarili o ng kanilang mga mga magulang. Ipagawa sa isang maliit na pangkat ng mga bata ang larawan ng isang bata o ng isang ina at ama (isang bata ay maaaring iguhit ang mata, ang isa nama'y ang labi, atbp.), at ipagawa naman sa iba ang kani-kanila nang nag-iisa.

2. Pag-usapan kung alin ang lalong mabuting paraan sa pagguhit at pagkukulay ng mga larawan, at bakit.

must get help, and 2) Chi-man is with friends who have different ideas about how to help.

b. Gloria was babysitting her two-year-old nephew at her aunt's house. The baby wandered off without her noticing. She found him climbing a steep staircase. What should she do? Vary the situation so that Gloria is with friends who have different ideas about what to do.

2. Discuss the role play situations with the children. Ask why quick action was needed in each and how it could best be taken.

ACTIVITY 2: Art

Materials

Other 1. Food coloring, paper towels, paper cups

Instructions

1. Teach the children how to decorate placemats using a simple version of a Japanese dye technique:

   Fold a paper towel several times and in different ways. Dip the edges and corners of the folded towel into paper cups containing food coloring slightly diluted with water. Use different colors. The towel will absorb more or less dye depending on how long it is dipped. Unfold the towel to reveal a colorful pattern.

2. Have a group of children do one placemat together. Have the others do theirs individually. Discuss which is the better way to decorate placemats (individually or as a group), and why:

   a. Which was the faster way?
   b. Which children make more colorful patterns? more interesting ones?
   c. Which children were happiest with their own work?

ACTIVITY 3: Art

Materials

Other 1. Drawing paper, crayons

Instructions

1. Ask the children to draw and color pictures of themselves or their parents. Have a small group of children do a portrait of one child or of a mother and a father (one child can draw in the eyes, another the lips, etc.), and have the rest of the class do theirs individually.

2. Discuss which is a better way to draw and color portraits, and why.

GAWAIN 4: Sining

Mga kagamitan

Iba pa
1. Mga maliliit at mababababaw na kahon
2. Gunting, papel-panggawain, at tape
3. Maliliit na bato, dumi, pangmodelong luwad, palara, raffia, siit, buhangin, lumot, atbp.

Mga panuto

1. Turuan ang mga bata kung paano gumawa ng maliit na modelong tanawin gamit ang likas at artipisyal na mga kagamitan. Tinatawag na *bonkei* ng mga Hapones, ang mga maliit na modelong tanawin ay karaniwan sa ilang kulturang Asyano.

   Ang maliit na modelong tanawin ay lalong nagagawang mabuti pagkatapos ng isang paglalakbay sa isang tiyak na pook. Pag-aaralan ng mga bata ang pook at pagsisikapang matularan sa silid-aralan.

   Latagan ng palara ang loob ng bawat maliit at mababaw na kahon. Gumamit ng asul na papel-panggawain upang kumatawan sa dagat. Lagyan ang kahon ng dumi, maliliit na bato, at buhangin upang kumatawan sa kalupaan. Gumamit ng mga siit bilang mga puno, lumot bilang mga palumpong, atbp.

2. Ipagawa sa isang grupo ng mga bata ang isang *bonkei*, at ipagawa sa mga natitira sa klase nang nag-iisa ang kanikanila. Sa bandang huli, pag-usapan kung alin ang lalong mabuting paraan sa paggawa ng *bonkei*, at bakit.

Pampagkatutong Layunin 2

Makikilala ng bata na ang ibang mga gawain ay maisasagawang mabuti sa pangkatang pagkilos.

Mga Panggampaning Layunin

Magagawa ng bata na:
1. Isagawa ang iba't ibang gawain bilang kasapi ng isang pangkat.
2. Ipaliwanag kung bakit ang mga ibinigay na gawain ay higit na mabuting naisasagawa sa pangkatang pagkilos.

GAWAIN 5: Paglutas sa Suliranin

Mga kagamitan

AABC
1. Mga pampagtuturong larawan, "Paglulutas Blg. 1, 2, at 3" (93-95)

Iba pa
1. Malaking-malaking jigsaw puzzle
2. Tangrams

ACTIVITY 4: Art

Materials

Other
1. Small shallow boxes
2. Scissors, construction paper, and tape
3. Pebbles, dirt, modeling clay, foil, raffia, twigs, sand, moss, etc.

Instructions

1. Teach the children how to make a miniature landscape using both natural and artificial materials. Called *bonkei (bong-KAY)* by the Japanese, miniature landscapes are common to several Asian cultures.

   A miniature landscape is best made after a field trip to a specific site. The children study the site and try to duplicate it in the cla[illegible]

   Line the bottom of each small, shallow box with foil. Use blue construction paper to represent bodies of water. Fill the box with dirt, pebbles, and sand to represent landforms. Use twigs as trees, moss as shrubs, etc.

2. Have a group of children make one *bonkei* and have rest of the class do theirs individually. Later, discuss which is the better way to make *bonkei*, and why.

Learning Objective 2

The child will recognize that other tasks can best be done through group action.

Performance Objectives

The child will be able to:
1. Perform various activities as a member of a group.
2. Explain why given tasks are better done through group action.

ACTIVITY 5: Problem Solving

Materials

AABC
1. Teaching pictures, "Problem Solving No. 1, 2, and 3" (93-95)

Other
1. Giant jigsaw puzzles
2. Tangrams

Mga panuto

1. Ipakita ang tatlong pampagtuturong larawan, "Paglulutas." Ipalarawan sa mga bata ang bawat larawan.

   Ganyakin ang mga batang mag-isip ng iba pang mga kalutasan sa bawat suliranin. Ang bawat bata ay dapat kilalanin para sa kaniyang ambag sa talakayan.

2. Ipagawa sa mga bata ang mga palaisipan at tangrams. Ang ilang mga bata ay pagawin nang nag-iisa at iyong iba ay pagawin nang papangkat. Pag-usapan kung bakit ang pangkatang paggawa sa mga kasong ito ay lalong mahusay kaysa nag-iisang paggawa.

GAWAIN 6: Gawaing papel

Mga kagamitan

AABC 1. Gawaing papel, "Pangkatang Pagkilos" (96)

Mga panuto

1. Ipamahagi sa mga bata ang gawaing papel, at ipakilala sa kanila ang mga larawang nasa gawaing papel na mga halimbawa ng pangkatang pagkilos.

GAWAIN 7: Musika

Mga panuto

1. Turuan ang mga batang kumanta ng isang awit nang paikot; tulad ng "Row, Row, Row Your Boat." Pagkatapos ipakanta ang parehong awitin nang nag-iisa.

2. Pag-usapan kung ano ang pagkakaiba ng pagkanta nang lahatan sa karaniwang pangkatang pagkanta at sa nag-iisang pagkanta.

GAWAIN 8: Pagluluto

Mga kagamitan

Iba pa 1. Mga sangkap para sa siopao o isang panghimagas (tingnan sa ibaba)

Mga panuto

1. Turuan ang mga bata kung paano ang paggawa ng siopao o isang panghimagas tulad ng inilarawan sa ibaba. Pagawin ang ilang mga bata nang papangkat, tulung-tulong na paraan, at ang iba ay gagawin ang kani-kanila nang nag-iisa.

   a. Sa paggawa ng siopao, ipalaman ang tinilad na parisukat na **char siu** sa hiniwa-hiwang **masa ng biskuwit** (mabibiling nakakahon sa mga groseri) at ihurno ayon sa mga panuto.

Instructions

1. Show the three teaching pictures, "Problem Solving." Have the children describe each picture.

   Encourage the children to think of alternative solutions to each problem. Each child should be given recognition for his/her contribution to the discussion. Afterwards, emphasize to the children that group discussion can help solve problems.

2. Have the children do puzzles or work on tangrams. Ask several children to work individually and the rest of the children to work in groups. Discuss why group work in these cases is more efficient than individual work.

ACTIVITY 6: Worksheet

Materials

AABC 1. Worksheet, "Group Action" (96)

Instructions

1. Distribute the worksheet to the children and have them identify the pictures on the worksheet that are examples of group action.

ACTIVITY 7: Music

Instructions

1. Teach the children to sing a song in a round; e.g., "Row, Row, Row Your Boat." Then sing the same song solo.

2. Discuss how singing a song in a round differs from ordinary group singing and from singing solo.

ACTIVITY 8: Cooking

Materials

Other 1. Ingredients for char siu bow ("pork bun," pronounced *cha-syu-bau)* or a natural food dessert (see below)

Instructions

1. Teach the children how to make char siu bow or a natural food dessert, as described below. Have some children work in groups, assembly-line fashion, and others do theirs individually.

   a. To make char siu bow, stuff diced **char siu** into presliced **biscuit dough** (available prepackaged at grocery stores) and bake according to directions.

b. Sa paggawa ng panghimagas, igulong ang mga binolabolang **peanut butter** sa tinadtad na mga **nuts**, mga **buto ng sesame**, at durog na **graham cracker** sa waxed paper.

2. Pagkatapos, pag-usapan kung alin ang lalong mabuting paraan sa paggawa ng siopao o panghimagas (nag-iisa o papangkat), at bakit:

   a. Alin ang lalong madali at mabilis?
   b. Aling paraan ang higit na kasiya-siya?

Pampagkatutong Layunin 3

Makikilala ng bata na ang iba pang mga gawain ay maisasagawang mabuti sa pinagsamang nag-iisa at pangkatang pagkilos.

Mga Panggampaning Layunin

Magagawa ng bata na:

1. Isagawa ang sariling gawain bilang ambag niya sa iba't ibang mga pangkatang gawain.
2. Ipaliwanag kung paanong ang nag-iisa at pangkatang pagkilos ay mapagsasama upang makatapos ng tiyak na mga gawain.
3. Ipaliwanag kung bakit ang ibinigay na mga gawain ay higit na mabuting maisasagawa sa pinagsamang nag-iisa at pangkatang pagkilos.

GAWAIN 9: Dula-dulaan

Mga panuto

1. Pumili ng isang paboritong kuwento at tulungan ang mga batang magtanghal ng isang tau-tauhang palabas o dula batay rito.

b. To make the natural food dessert, roll bite-sized balls of **peanut butter** in chopped **nuts, sesame seeds,** and **graham cracker** crumbs on waxed paper.

2. Afterwards, discuss which was the better way to prepare char siu bow or a natural food dessert (individually or in groups), and why:

   a. Which way was easier and faster?
   b. Which way was more fun?

Learning Objective 3

The child will recognize that still other tasks can best be done through a combination of individual and group action.

Performance Objectives

The child will be able to:
1. Perform individual tasks as his/her contribution to various group activities.
2. Explain how individual and group action can be combined to complete certain tasks.
3. Explain why given tasks are better done through a combination of individual and group action.

ACTIVITY 9: Skit

Instructions

1. Select a favorite story and help the children produce a puppet show or play based on it. Have different children do different tasks.

2. Pagkatapos, talakayin sa mga bata kung anong mga paraan sa pagtatanghal ang naging bunga ng nag-iisang pagkilos (isa-isa, ang mga bata ay gumawa ng mga tau-tauhan, gumawa ng mga props, atbp.) at ng pangkatang pagkilos (pagpili ng tauhan, usapan, banghay, atbp. ay mga pangkatang pasiya). Ipahinuha sa kanila kung ano ang mangyayari sa dula-dulaan kung itinanghal ito ng isang tao lamang o kung ang lahat ay nagsigawa ng lahat.

GAWAIN 10: Pagsasadula

Mga kagamitan

AABC 1. Tsart, "Pangkatang Pagkilos"

Mga panuto

1. Itaas ang tsart, "Pangkatang Pagkilos." Ipinakikita sa tsart ang tatlong pangunahing tagpo: tahanan, silid-aralan, at palaruan. Sa bawat tagpo, maraming mga gawain ang ipinakikita.

   Pabigyang pansin sa mga bata ang isang tagpo sa isang pagkakataon. Una'y ipatukoy sa mga bata ang mga halimbawa ng pangkatang pagkilos, pagkatapos ay mga halimbawa ng nag-iisang pagkilos na bahagi ng pangkatang pagkilos. Sa huli'y hingan sila ng mga halimbawa ng mga simpleng nag-iisang pagkilos.

2. Hatiin ang mga bata sa tatlong pangkat. Ang bawat pangkat ay dapat pumili ng isang tagpo sa tsart upang isadula. Papiliin ang mga bata ng mga tauhan sa tsart na nais nilang gampanan.

   Ipasadula sa bawat pangkat ang kani-kanilang tagpo samantalang ang ibang mga bata ay huhulaan kung sinu-sinong mga bata ang gumaganap ng alin-aling mga tauhan.

GAWAIN 11: Sining

Mga kagamitan

Iba pa 1. Papel na panggupit, papel na pandrowing, mga watercolor, krayola, mga brotsa

Mga panuto

1. Magpapinta sa klase ng isang miyural.

   Takpan ng papel na panggupit ang isang bahagi ng pader. Pagpasiyahin ang mga bata sa isang paksa o dibuho. Tanungin ang bawat bata kung ano ang gusto niyang ipinta sa miyural. Kung nais nila, gagawa muna sila ng plano ng kanilang iaambag sa isang pirasong papel na pandrowing bago ipinta ito sa miyural.

2. Pag-usapan kung paanong ang miyural ay bunga ng pinagsamang nag-iisa at pangkatang pagkilos.

2. Afterwards, discuss with the children in what ways the production was the result of individual action (individual children made puppets, built props, etc.) and of group action (casting, dialogue, plot, etc. were group decisions). Have them speculate how the skit would be if it were produced by only one person, or if everybody did everything.

ACTIVITY 10: Role Play

Materials

AABC 1. Chart, "Group Action"

Instructions

1. Put up the chart, "Group Action." The chart shows three main scenes: home, classroom, and playground. In each scene, many activities are illustrated.

   Have the children focus on one scene at a time. First, ask them to point out examples of group action, then examples of individual actions that are part of a group action. Finally, ask them for examples of simple individual actions.

2. Divide the children into three groups. Each group should select a scene on the chart to role play. Have the children choose characters on the chart they want to play.

   Let each group role play its scene while the other children guess which children are playing which characters.

ACTIVITY 11: Art

Materials

Other 1. Butcher paper, drawing paper, watercolors, crayons, paint brushes

Instructions

1. Have the class paint a mural.

   Cover part of a wall with butcher paper. Have the children decide on a theme and design. Ask each child what s/he wants to paint on the mural. If they wish, the children may first sketch their contribution on a sheet of drawing paper before painting it on the mural.

2. Discuss how the mural is the result of a combination of individual and group action.

GAWAIN 12: Musika

Mga kagamitan

Iba pa

1. Lennon, John and Paul McCartney. "Day Tripper." Northern Songs Limited. Sa pagkakaganap ng mga Beatles.
2. Prokofiev, Sergei. *Peter and the Wolf.*

Mga panuto

1. Makinig sa "Day Tripper" ng mga Beatles at/o *Peter and the Wolf* ni Sergei Prokofiev. Sabihin kung paanong ang bawat instrumento ay ipinakilalang isa-isa sa *Peter and the Wolf* at parami nang parami sa "Day Tripper." Paghambingin ang mga tunog ng iba't ibang instrumento kapag tinutugtog na nag-iisa at kapag sama-sama.

2. Talakayin kung paanong ang pagtatanghal na pangmusika ay maaaring pinagsamang nag-iisa at pangkatang pagkilos. Bigyang diin na bagamat ang bawat instrumento ay tinutugtog ng nag-iisang musikero, bahagi lamang ito ng pangkatang pagtatanghal. Itanong sa mga bata kung ano ang magiging tunog kung ang baho lamang ang tinutugtog sa "Day Tripper," o kung ang oboe lamang ang naririnig sa *Peter and the Wolf.*

GAWAIN 13: Mga Kuwentong-aklat

Mga kagamitan

Iba pa

1. Burton, Virginia L. *Katy and the Big Snow.* Boston: Houghton Mifflin, 1974.
2. Lionni, Leo. *The Alphabet Tree.* New York: Pantheon Books, 1968.
3. McDermott, Gerald. *Anansi the Spider: A Tale from the Ashanti.* New York: Penguin Books, 1977.
4. Silverstein, Shel. *The Giving Tree.* New York: Harper & Row, 1964.

Mga panuto

1. Basahin ang alinman o lahat ng mga kuwentong nakatala at talakayin sa mga bata ang mga halimbawa ng nag-iisa at pangkatang pagkilos.

PAGTITINING NA GAWAIN

Sa gawaing ito ang mga bata ay mapapasali sa nag-iisang pagkilos, pangkatang pagkilos at pinagsamang paraan.

Mga panuto

1. Bumuo ng isang pansilid-aralang palarong takbuhan sa mga sumusunod na laro:

   a. Malapitang pagtakbo

ACTIVITY 12: Music

Materials

Other 1. Lennon, John and Paul McCartney. "Day Tripper." Northern Songs Limited. As performed by the Beatles.
2. Prokofiev, Sergei. *Peter and the Wolf.*

Instructions

1. Listen to the Beatles' "Day Tripper" and/or Sergei Prokofiev's *Peter and the Wolf.* Point out how each instrument is introduced individually in *Peter and the Wolf* and cumulatively in "Day Tripper." Compare and contrast the sound of the different instruments when played alone and when played together.

2. Discuss how musical performance can be a combination of individual and group action. Emphasize that while each instrument is played by an individual musician, it is only part of a group performance. Ask the children how it would sound if only the bass guitar was played on "Day Tripper," or if only the oboe was heard on *Peter and the Wolf.*

ACTIVITY 13: Storybooks

Materials

Other 1. Burton, *Virginia L. Katy and the Big Snow.* Boston: Houghton Mifflin, 1974.
2. Lionni, Leo. *The Alphabet Tree.* New York: Pantheon Books, 1968.
3. McDermott, Gerald. *Anansi the Spider: A Tale from The Ashanti.* New York: Penguin Books, Inc., 1977.
4. Silverstein, Shel. *The Giving Tree.* New York: Harper & Row, 1964.

Instructions

1. Read any or all of the stories listed and discuss with the children examples of individual and group action.

CULMINATING ACTIVITY

This activity allows the children to engage in individual action, group action, and a combination of both.

Instructions

1. Organize a classroom track meet in the following events:

   a. Short distance running

b. Malayuang hatiran
c. Paghahagis ng gomang bola
d. Malawakang paglundag

Tulungan ang mga batang bumuo ng mga tuntunin ng palarong takbuhan.

Hatiin ang klase sa mga koponan. Ipapangalan sa mga kani-kanilang koponan ang mga kulay, mga hayop o mga katulad nito. Dapat manatiling buo ang bawat koponan sa kabuuan ng apat na laro.

2. Pagkatapos, pag-usapan kung paanong ang pagkakaganap ng bawat koponan ay umasa sa nag-iisa at pangkatang pagkilos.

b. Long distance relay
c. Rubber ball throw
d. Broad jump

Help the children establish the rules and regulations of the track meet.

Divide the class into teams. Have the teams name themselves after colors, animals, or the like. Each team should remain intact through the four events.

2. Afterwards, discuss how the performance of each team depended on both individual and group action.

YUNIT 3 :
Pakikipagtalastasan

PANG-ISIPANG PAHAYAG

Kinakailangan ang pakikipatalastasan.

UNIT 3:
Communication

CONCEPTUAL STATEMENT

Communication is necessary.

BEST COPY AVAILABLE

PANG-ISIPANG PAHAYAG

Kinakailangan ang pakikipagtalastasan.

Panimulang Gawain

Pampagkatutong Layunin 1

Makikilala ng bata kung bakit kinakailangan ang pakikipagtalastasan.

Mga Gawain 1 - 4

Pampagkatutong Layunin 2

Makikilala ng bata kung paano nagaganap ang pakikipagtalastasan sa iba't ibang paraan.

Mga Gawain 5 - 12

Pagtitining na Gawain

CONCEPTUAL STATEMENT

Communication is necessary.

Preparatory Activity

Learning Objective 1

The child will recognize why communication is necessary.

Activities 1 - 4

Learning Objective 2

The child will recognize how communication takes place in different ways.

Activities 5 - 12

Culminating Activity

PANIMULANG GAWAIN

Ang layunin ng gawaing ito ay upang mapabilang ang mga bata sa isang anyo ng pakikipagtalastasan.

Mga panuto

1. Balik-aralan sa mga bata ang pagsasakilos o pasimulan sila sa larong charade. Maisasagawa ito sa pagpapalabas ng isang pelikula ng pangkat na nagsasakilos o sa pag-aanyaya ng mga batang nakatatanda na makipaglaro ng charade sa iyong klase.

2. Tulungan ang mga batang isakilos ang isang popular na kuwento tulad ng "Ang Tatlong Oso." Pumili ng mga magsisiganap o humingi ng mga magkukusa. Talakayin sa mga magsisiganap kung ano ang gusto nilang gawin. Itanghal ang pagsasakilos sa klase.

   Ang ibang mga bata ay dapat maghali-halili sa pagsasalaysay ng mga pangyayari sa kuwento habang patuloy ang pagsasakilos na pagtatanghal.

Pampagkatutong Layunin 1

Makikilala ng bata kung bakit kinakailangan ang pakikipagtalastasan.

Mga Panggampaning Layunin

Magagawa ng bata na:
1. Ipaliwanag kung paano kinakailangan ang pakikipagtalastasan upang mabuhay na may masarap na pagsasamahan.
2. Sabihin na kinakailangan ang pakikipagtalastasan upang magkatulung-tulong sa paggawa.
3. Pasiyahan na ang pakikipagtalastasan ay ang pagpapahayag ng mga kaisipan at damdamin.

GAWAIN 1: Laro

Mga panuto

1. Sabihin sa mga bata na humingi ng pahintulot upang maglaro sa labas, ngunit sa iba't ibang paraan. Una, pahingin sila nang tulad ng karaniwan nilang gagawin (halimbawa, magtataas ng kamay ang isang bata at magsasabi, "Maaari po ba akong maglaro sa labas?"). Susunod, pagkunwariin silang hindi makapagsalita. Sa kalagayang ito, gagamitin nila ang mga galaw at kilos ng katawan upang hilingin kung maaari silang maglaro sa labas.

PREPARATORY ACTIVITY

The objective of this activity is to involve the children in one form of communication.

Instructions

1. Review mime with the children or introduce them to the game of charades. This can be done by showing a film of a mime troupe, or by inviting older children to come in and play charades with your class.

2. Help the children mime a popular story, such as "The Three Bears." Choose the actors or ask for volunteers. Discuss with the actors what they want to do. Have the mime performance in class.

   The rest of the children should take turns narrating the events of the story as the mime performance progresses.

Learning Objective 1

The child will recognize why communication is necessary.

Performance Objectives

The child will be able to:
1. Explain how communication is necessary in order to live in harmony.
2. State that communication is necessary in order to work cooperatively.
3. Conclude that communication is the expression of thoughts and feelings.

ACTIVITY 1: Game

Instructions

1. Tell the children to ask for permission to play outside, but in different ways. First, have them ask as they would normally (i.e., a child raises his/her hand and asks, "May I play outside?"). Next, have them pretend that they cannot speak. In this case, they will have to use gestures and body movements to ask if they may play outside.

Pagkatapos, pagkunwariin ang mga bata na hindi sila makakilos maliban sa pagtango o pag-iling. Sa pagkakataong ito, dapat mo silang tanungin kung ano ang kanilang gusto. ("Gusto ba ninyong umidlip? magminindal? kulayan ang ilang mga larawan? magpunta sa banyo? maglaro sa labas?")

Sa huli, pagkunwariin silang hindi maigalaw kahit ang kanilang mga ulo. Magtanong kung maaari, maliwanag na hindi nila maipakikita kung ano ang kanilang gusto. (Sinuman ang makagawa ay matatamo ang tanging karapatang paglalaro sa labas.) Pagkunwariin din silang hindi makarinig o makakita.

2. Talakayin ang laro sa mga bata:

   a. Alin ang pinakamadaling paraan sa paghiling kung makapaglalaro ka sa labas? Bakit?
   b. Bakit higit na mahirap gamitin ang mga galaw at kilos ng katawan?
   c. Kailan naging imposibleng humingi ng pahintulot? Bakit?
   d. Ano ang pakiramdam ng hindi makapagsalita? makagalaw? makarinig? makakita?

   Itanong sa mga bata kung ano ang mangyayari kung walang sinumang maaaring makipagtalastasan sa kanino pa man. Tulungan silang magpasiya na ang pakikipagtalastasan ay kinakailangan sa buhay tulad ng pagkakaalam ng tao.

GAWAIN 2: Pagsasadula

Mga panuto

1. Ipasadula sa mga bata ang mga pinapalagay na sitwasyon na napapaloob ang pagkasira ng pakikipagtalastasan; halimbawa:

   a. Palaging iniisip ni Kin-ching na matandang-uso ang kaniyang ina, madalas kinukuriri ang tungkol sa kaniyang kalusugan at iba pa. Sa araw ng piknik ng kaniyang klase, gusto ni Kin-ching isuot ang bago niyang kamiseta. Ipinipilit ng kaniyang ina na paibabawan niya ito ng lumang sweater. Kung lalamig, sabi ng ina, mayroon siyang maisusuot na pampainit at dahil sa luma ito, hindi siya mag-aalaala kung marumihan man. Ayaw ni Kin-ching dahil sa gusto niyang ipagmalaki ang bago niyang kamiseta. Ayaw na ayaw niya ng sweater. Pinagpilitan pa rin ng kaniyang ina at si Kin-ching ay nagtampo. Pagkatapos, itinapon niya ang sweater sa kaniyang kama at tumakbong palabas.

   b. Magkaibigang matalik sina Johnny at Jimmy. Noong tagsibol, nagkabulutong-tubig si Jimmy at isang buwan siyang hindi nakapasok. Nang bumalik siya, nakita niyang nakikipaglaro ng checker si Johnny kay Michael. Hindi man lamang napansin ni Johnny si Jimmy. Lubhang nalungkot si Jimmy. Sa halip na batiin si Johnny, nagpunta siya sa ibang mga bata at sinabi sa kanilang si Johnny ay masama.

2. Tulungan ang mga batang suriin ang mga problemang maaaring lumabas dahil sa pagkasira ng pakikipagtalastasan.

Then ask the children to pretend that they cannot move, except for nodding or shaking their heads. At this point, you will have to ask them what they want. ("Do you want to take a nap? have a snack? color some pictures? go to the bathroom? play outside?")

Finally, have them pretend that they cannot even move their heads. Ask as you might, they obviously will be unable to indicate what they want. (Whoever is able to has earned the privilege of playing outside.) Ask them to also pretend that they cannot hear or see.

2. Discuss the game with the children:

   a. Which was the easiest way to ask if you could play outside? Why?
   b. Why was it harder to use gestures and body movements?
   c. When did it become impossible to ask permission? Why?
   d. How did it feel to be unable to speak? move? hear? see?

Ask the children what would happen if no one could communicate with anyone else. Help them conclude that communication is essential to life as people know it.

ACTIVITY 2: Role Play

Instructions

1. Have the children role play hypothetical situations involving a communication breakdown; for example:

   Kin-ching always thought her mother old-fashioned, constantly fussing about her health and so on. On the day of her class picnic, Kin-ching wanted to wear her new T-shirt. Her mother insisted that she wear her old sweater over it. Should it turn cold, her mother said, she would have something warm to wear, and since it was old, she would not have to worry about getting it dirty. Kin-ching refused because she wanted to show off her new shirt. She hated the sweater. Her mother kept insisting and Kin-ching grew sulky. She finally threw the sweater on her bed and ran out.

   b. Johnny and Jimmy were best friends. In the spring, Jimmy got the chicken pox and missed school for one month. When he returned, he saw Johnny playing checkers with Michael. Johnny did not even notice Jimmy. Jimmy was very unhappy. Instead of saying hello to Johnny, he went to the other children and told them Johnny was mean.

2. Help the children analyze the problems that may arise due to communication breakdowns.

GAWAIN 3: Pangkatawang Pagpapahayag

Mga panuto

1. Sabihin sa mga bata na sa susunod na 15 minuto, walang sinumang maaaring magsalita, at maaari lamang silang makipagtalastasan sa pamamagitan ng pangkatawang pagpapahayag (halimbawa, mga galaw at bukas ng mukha). Magpatuloy sa karaniwang mga gawain ng klase.

2. Pagkatapos ng pagsubok, talakayin ang naging hirap ng mga bata sa pakikipagtalastasan. Anu-anong mga kaisipan at damdamin ang madaling naipahayag sa pamamagitan ng pangkatawang pagpapahayag? Anu-anong mga kaisipan at damdamin ang hindi gaanong madaling naipahayag sa pamamagitan ng pangkatawang pagpapahayag? Bigyang diin na karaniwang lalong madali at mabilis na makipagtalastasan sa pamamagitan ng sinasalitang wika kaysa sa pangkatawang pagpapahayag.

GAWAIN 4: Laro

Mga kagamitan

Iba pa
1. Mala-kartolina
2. Malalaking sobre
3. Gunting

Mga panuto

1. Ituro sa mga bata kung paano maglaro ng "Tatlong Parisukat."

   Gumawa ng tatlong 20-sm. na parisukat sa mala-kartolina. Gupitin ang mga parisukat gaya ng ipinakita.



   Ilagay lahat ng mga *A* na piraso sa isang sobre. Ilagay lahat ng mga *B* na piraso sa isa pang sobre. Ilagay lahat ng mga *C* na piraso sa pangatlong sobre. Ang set ng tatlong sobre ay naglalaman ng lahat ng mga pirasong kailangan upang makagawa ng tatlong magkakaparehong parisukat. Gayunman, walang sobreng naglalaman ng lahat ng mga kinakailangang piraso upang makabuo ng isang parisukat. Makagagawa ang guro ng maraming set hanggat kinakailangan.

   Hatiin ang klase sa tatluhang mga pangkat. Ipamahagi ang isang set ng tatlong sobre sa bawat pangkat, bawat bata sa isang pangkat ay tatanggap ng isang sobre sa isang set. Any layunin ng larong ito ay makabuo ang bawat pangkat ng tatlong parisukat mula sa mga pirasong nasa tatlong sobre sa loob ng takdang oras. Ang bawat bata ay dapat bumuo ng isang parisukat sa harapan niya. Maaaring magtulungan sa isa't isa sa pagbuo ng mga parisukat ang mga miyembro ng isang pangkat.

ACTIVITY 3: Body Language

Instructions

1. Tell the children that for the next 15 minutes, no one may speak, and that they may communicate only through body language (i.e., gestures and facial expressions). Continue with normal class activities.

2. After the experiment, discuss the difficulties the children had in communicating. What thoughts and feelings were easily communicated through body language? What thoughts and feelings were not so easily communicated through body language? Emphasize that it is usually easier and faster to communicate through spoken language than through body language.

ACTIVITY 4: Game

Materials

Other
1. Tagboard
2. Large envelopes
3. Scissors

Instructions

1. Instruct the children how to play "Three Squares."

   Make three 20-cm. squares of tagboard. Cut up the squares as shown.



   Place all the *A* pieces into one envelope. Place all the *B* pieces into another envelope. Place all the *C* pieces into a third envelope. The set of three envelopes contains all the pieces necessary to make three identical squares. However, no one envelope contains all the necessary pieces to make one complete square. The teacher can make as many sets as necessary.

   Divide the class into groups of three. Distribute a set of three envelopes to each group, each child in a group receiving one envelope in a set. The object of the game is for each group to assemble three squares from the pieces in its three envelopes within a given amount of time. Each child must construct one square directly in front of him/her. Members of a group may help each other construct the squares.

Sabihin sa isang hati ng mga pangkat na maaari silang magsalita habang binubuo ang mga parisukat. Sabihin naman sa ibang mga pangkat na hindi maaari; magagamit lamang nila ang mga galaw at bukas ng mukha sa pakikipagtalastasan.

Kapag natapos na ang takdang oras (mga limang minuto), talakayin sa mga bata ang laro. Hindi mahalaga na matapos nila ang pagbuo ng mga parisukat. Mahanga'y matalakay kung gaano kadali o kahirap ang maglaro para sa mga pangkat na nakapagsasalita tulad ng mga ibang hindi. Dapat nang malaman ng mga bata na mahalaga ang pakikipagtalastasan, at na ang ilang paraan ng pakikipagtalastasan ay lalong mahusay kaysa iba.

Pampagkatutong Layunin 2

Makikilala ng bata na ang pakikipagtalastasan ay nagaganap sa iba't ibang paraan.

Mga Panggampaning Layunin

Magagawa ng bata na:
1. Siyasatin ang iba't ibang paraan ng pasalita at di-pasalitang pakikipagtalastasan.

GAWAIN 5: Mga Laro

Mga kagamitan

Iba pa 1. Mga lata at panali

Mga panuto

1. Laruin ang Ilipat ang Mensahe. Paupuin nang pabilog sa sahig ang mga bata. Tumawag ng isang bata sa tabi at bulungan ng isang mensahe. Pagbalik ng bata sa kaniyang lugar, ibubulong niya ang mensaheng inaakala niyang narinig niya sa kaniyang katabi, na bubulong naman ng mensahe pagkatapos sa susunod na bata. Ulitin ito hanggang sa makarating ang mensahe sa buong bilog. Dapat sabihin nang malakas ng huling bata kung ano ang narinig niya.

Tell half of the groups that they may talk while assembling the squares. Tell the other groups that they may not; they can only use gestures and facial expresions to communicate.

When time is up (about five minutes), discuss the game with the children. It is not important that they finish assembling the squares. Rather, discuss how much easier or more difficult it was to play the game for groups that could talk compared to those that couldn't. The children should then realize that communication is important, and that certain means of communication are better than others.

Learning Objective 2

The child will recognize that communication takes place in different ways.

Performance Objective

The child will be able to:
1. Explore various means of verbal and non-verbal communication.

ACTIVITY 5: Games

Materials

Other 1. Tin cans and string

Instructions

1. Play Pass the Message. Ask the children to sit in a circle on the floor. Call a child aside and whisper a message in his/her ear. The child then returns to his/her place and whispers what s/he thinks s/he heard to his/her neighbor, who in turn whispers the message to the next child. Repeat this until the message has traveled around the circle. The last child should repeat aloud what s/he has heard.

2. Pasundan ang gawain sa pagtalakay ng mga tanong na ito:

   a. Madali ba o mahirap mapakinggan ang mga bulong na mensahe?
   b. Sa akala mo kaya'y madaling paraan ito sa paghahatid ng mga mensaheng walang kamali-mali? Bakit o bakit hindi?

3. Tulungan ang mga batang gumawa ng mga teleponong lata mula sa dalawang lata at panali. Butasan nang maliit sa gitna ang bawat lata. Paraanin ang panali sa parehong butas at buhulan sa bawat dulo. Dapat hilahing mabuti ang mga lata at banatin ang panali upang makaraan ang mensahe sa panali at marinig sa kabilang dulo.

4. Paglaruin ang mga bata ng isang larong nangangailangan ng maingat na pagmamatyag. Paupuin sila nang pabilog. Isang tao ang lalabas ng silid at isang bata naman ang pipiliing "taya." Sa pangunguna ng "taya," ang bawat isa sa bilog ay magsasagawa ng mga pagkilos nang sabay-sabay, tulad ng paglalagay ng kanilang daliri sa kanilang mga labi upang ipahiwatig ang "Tumahimik, maaari ba?" Ang taong lumabas ay babalik sa gitna ng bilog. Ang "taya" lamang ang maaaring magbago ng kilos ngunit dapat niyang isagawa ito nang di matutuklasan ng taong nasa gitna. Kapag pinalitan ng "taya" ang pagkilos ng pangkat, dapat gumaya ang mga iba sa lalong mabilis na paraan. Kapag natuklasan ang "taya," pipili ang mga bata ng bagong "taya."

GAWAIN 6: Senyasang Pagpapahayag

Mga panuto

1. Ang American Sign Language o Ameslan ay ginagamit ng mga nahihirapang makarinig. Maaaring makakuha ng kopya ng mga senyas para sa abakada sa kagawaran ng Tanging Pagtuturo ng bawat [illegible]stritong pampaaralan.

   Subuking makipagtalastasan sa senyasang pagpapahayag, binabaybay ang mga salitar[illegible] alam na ng mga bata.

2. O kaya, tulungan ang mga batang malaman ang tungkol sa senyasang pagpapahayag ng mga *Plains Indians*.

GAWAIN 7: Iba Pang Pangkatawang Pagpapahayag

Mga panuto

1. Pagkunwariin ang iba't ibang mga bata na isagawa ang mga sumusunod na pagkilos:

   a. Palihim na bumaba sa umiiingit na pasilyo na may dalang masamang kard.
   b. Umupo sa ilang kangunguya lamang na gum.
   c. Lumakad sa isang madilim na madilim na silid.
   d. Pumasok sa isang silid na tamang-tamang winawasak ng maliit mong kapatid na lalaki ang paborito mong laruan.
   e. Inilagay mo ang kahuli-hulihang diyes sa makina ng kendi at hindi ito umandar.
   f. Makahanap ng isang asong may pilay sa paa.
   g. Kumatok sa pintuan ng isang mangkukulam.

2. Follow up the activity by discussing these questions:

   a. Is it easy or difficult to hear whispered messages?
   b. Do you think it is a good way to relay messages accurately? Why or why not?

3. Help the students make tin-can telephones from two tin cans and string. Punch a small hole in the bottom of each can. Pass the string through both holes and tie a large knot at each end. The cans must be pulled tight and the string stretched taut so that the message can travel over the string and be heard at the other end.

4. Have the children play a game requiring careful observation. Ask them to sit in a circle. One person leaves the room and another is chosen to be "it." Led by "it," everyone in the circle performs an action simultaneously, such as holding their fingers to their lips to indicate "quiet, please." The person who has left the room returns to the center of the circle. Only "it" may change the action but s/he must do so without the person in the center discovering him/her. When "it" changes the group's actions, the others must imitate the action as quickly as possible. When "it" is discovered, the children choose a new "it."

ACTIVITY 6: Sign Language

Instructions

1. American Sign Language, or Ameslan, is used by the hard-of-hearing. A copy of the signs for the alphabet may be obtained at the special education department of each school district.

   Try communicating in sign language, spelling out words that the children already know.

2. Alternatively, help the children find out about the sign language of the Plains Indians.

ACTIVITY 7: More Body Language

Instructions

1. Have different children pretend to do the following actions:

   a. Sneak down a creaky hallway with a bad report card.
   b. Sit on some freshly chewed gum.
   c. Walk through a pitch black room.
   d. Walk into a room just as your little brother smashes your favorite toy.
   e. Put your last dime in the candy machine and it doesn't work.
   f. Find a dog with a broken leg.
   g. Knock on a witch's door.

2. Talakayin sa mga bata kung paanong ang mga daliri, kamay, paa, mukha at katawan ay naipapahayag kung ano ang pakiramdam ng isang tao. Ipapakita ng mga bata ang mga galaw na nagpapahayag ng mga sumusunod:

   a. Halika rito.
   b. Gusto kita.
   c. Natatakot ako.
   e. Mainit iyan.
   f. Ayaw kong maglaro.
   g. Tumahimik ka.
   h. Maupo ka.
   i. Tayo na.
   j. Ay, naku! Nakalimutan ko.

GAWAIN 8: Galaw

Mga panuto

1. Maglaro ng kunwari ang mga bata ay lumalakad na parang sila ay:

   a. isang maliit na bata
   b. isang higante
   c. pagod na pagod
   d. isang lobo
   e. nagmamadali

2. Hilingin sa mga batang pagsabay-sabayin ang mga galaw ng mga kamay, baraso, paa, at binti, tulad ng pagpadyak ng kanilang mga paa habang pumapalakpak o tumatakbo nang marahan habang ikinakaway ang mga kamay.

Sa oras na ito, ang mga galaw ay maaaring makatulad ng isang uri ng sayaw. Tanungin ang mga bata kung ang pagsasayaw ay makapagpapakilala kung ano ang nadarama ng tao. Ipaalaala sa kanila na kung minsan, hindi masabi ng mga tao ang kanilang mga damdamin. May iba pang paraan sa pagpapahayag ng damdamin at ang isa rito ay sa pagsasayaw.

GAWAIN 9: Mga Nakikitang Sagisag

Mga kagamitan

AABC
1. Gawaing papel, "Ilaw Trapiko" (97)
2. Gawaing papel, "Mga Babala sa Trapiko" (98)

Mga panuto

1. Dalhin ang klase sa sandaling paglalakad sa kapitbahayan upang humanap ng mga palatandaang pantrapiko.

   Kapag nakabalik na kayo sa klase, talakayin ang lahat ng mga palatandaang nakita sa paglalakad. Anong mensahe ang ipinahihiwatig ng bawat isa?

2. Ipamahagi ang mga gawaing papel at ipatapos sa mga bata ang mga ito.

2. Discuss with the children how fingers, hands, feet, faces, and bodies can express how a person feels. Have the children show movements that communicate the following:

   a. Come here.
   b. I like you.
   c. I'm scared.
   d. Will you play with me?
   e. That's hot.
   f. I don't want to play.
   g. Be quiet.
   h. Sit down.
   i. Let's go.
   j. Oh, no! I forgot.

ACTIVITY 8: Movement

Instructions

1. Play a game in which the children walk as if they were:

   a. a tiny child
   b. a giant
   c. very tired
   d. a balloon
   e. in a hurry

2. Ask the children to combine movements with hands, arms, feet and legs, such as stomping their feet while clapping or running lightly while waving their arms.

By this time, the movements may resemble a kind of dance. Ask the children if dancing can show how people feel. Remind them that sometimes, people cannot put their feelings into words. There are other ways to express feelings, and one of these ways is through dancing.

ACTIVITY 9: Visual Symbols

Materials

AABC 1. Worksheet, "Traffic Light" (97)
2. Worksheet, "Traffic Signs" (98)

Instructions

1. Take the class on a short walk through the neighborhood to look for traffic signs.

   When you return to the classroom, discuss all the signs that were seen during the walk. What message did each convey?

2. Distribute the worksheets and have the children complete them.

GAWAIN 10: Sining

Mga kagamitan

Iba pa 1. Malaking piraso ng papel, tsok o pintura

Mga panuto

1. Talakayin kung ano ang kahulugan ng ngiti. Paano natin maipaaalam sa iba, nang walang sinasabing anuman, na nagustuhan natin ang bagay na ginawa nila para sa atin?

2. Ipadrowing sa bawat bata ang isang larawan ng kanilang sarili na nakangiti. Ganyakin ang mga batang magdrowing ng buong katawan. Pakulayan sa mga bata ang mga drowing ng pinturang tempera o tsok na may kulay.

   Kapag natuyo na ang mga kulay (kung pintura ang ginamit), ipagupit sa bawat bata ang larawan, mag-iwan ng puwang para sulatan ng kanilang pangalan at mga wikang sinasalita.

   Ang ilang mga ginupit ay maaaring ipagpalit sa ibang klase upang mapalawak ang bilang ng mga wikang kinakatawan; o ang ilang mga larawan mula sa iba't ibang silid-aralan ay maaaring ipakita nang sama-sama bilang pagtatanghal na pinamagatang "Isang Wika ang Aming mga Ngiti".

GAWAIN 11: Pagpapahalaga sa Sining

Mga kagamitan

Iba pa 1. "The Great Waves off Kanagawa" ni Katsushika Hokusai, o ibang larawan o retrato

Mga panuto

1. Talakayin sa mga bata ang isang larawan o retrato. Itanong kung ano ang inaakala nilang ipinahihiwatig nito; halimbawa ("The Great Waves off Kanagawa" ni Katsushika Hokusai):

   a. Ano ang nakikita mo?
   b. Tinatakot ka ba ng mga alon? Bakit o bakit hindi?
   c. Ginugulat ka ba? Bakit o bakit hindi?
   d. Nakapagpapasaya ba sa iyo ang bundok? Bakit o bakit hindi?
   e. Nagustuhan mo ba ang larawan? Bakit o bakit hindi?

GAWAIN 12: Panlahat na Pamamahayag

Mga kagamitan

AABC 1. Pampagtuturong larawan, "Ulat ni Myrna" (99)

Iba pa 1. Mga aklat, magasin at pahayagan

ACTIVITY 10: Art

Materials

Other 1. Large sheets of paper, chalk, or paint

Instructions

1. Discuss what a smile means. How do we let others know, without saying anything, that we like something they did for us?

2. Have each child draw a picture of him/herself smiling. Encourage the children to draw full bodies. Ask the children to color the drawings with tempera paints or color chalk.

   When the colors dry (if paint was used), have each child cut the picture out, leaving room to write down his/her name and the language(s) s/he speaks.

   Some of the cutouts might be exchanged with another class to broaden the number of languages represented; or several pictures from different classrooms could be displayed together as an exhibit entitled "We All Smile in the Same Language."

ACTIVITY 11: Art Appreciation

Materials

Other 1. "The Great Waves off Kanagawa" by Katsushika Hokusai, or other print, painting or photograph

Instructions

1. Discuss a painting, print or photograph with the children. Ask what they think it expresses; for example ("The Great Waves off Kanagawa" by Katsushika Hokusai):

   a. What do you see?
   b. Do the waves scare you? Why or why not?
   c. Do they make you excited? Why or why not?
   d. Does the mountain make you happy? Why or why not ?
   e. Do you like the picture? Why or why not?

ACTIVITY 12: Mass Media

Materials

AABC 1. Teaching picture, "Myrna's Report" (99)

Other 1. Books, magazines, and newspapers

Mga panuto

1. Kulayan, idikit at itanghal ang pampagtuturong larawan. Basahin sa mga bata ang paliwanag sa bawat panel, gaya ng sumusunod:

   a. Gagawa ng ulat tungkol sa mga hayop si Myrna. Kailangang malaman niya ang maraming bagay upang makagawa siya ng ulat tungkol sa mga hayop. Saan niya makikita ang mga ito? Sabi ng kaniyang ina ay "Basta tumingin ka sa iyong paligid, maraming mga bagay sa bahay na makapagsasabi sa iyo ng tungkol sa mga hayop."

   b. "Alam mo bang marami tayong makukuhang kaalaman sa mga pahayagan? Marami tayong malalaman sa pagbabasa ng mga pahayagan," sabi ng ina ni Myrna sa kaniya.

   c. "Ang mga magasin at aklat tulad ng mga encyclopedia ay nagbibigay sa atin ng maraming kaalaman tungkol sa mga bagay na nais nating matutuhan. May mga larawan din ang mga ito.

   d. "Kapag nakinig ka sa radyo, maaari kang makaalam ng ilang bagong bagay. Bukod sa musika, mayroon ding mga pagbabalita at tanging palatuntunan.

   e. "Nagbibigay rin ng maraming kaalaman ang telebisyon. Kapag nanood ka ng ilang programa, marami kang matututuhan tungkol sa mga hayop, tao, lugar, at marami pang ibang bagay."

   f. Nang bandang huli, sinabi ni Myrna, "Salamat Nanay. Ngayon, makapagsisimula na akong magsulat ng aking ulat. Marami akong nakuhang mga kaalaman mula sa mga bagay na iyon."

2. Buurin ang talakayan sa pagsasabing maraming mga tao ang nakatatanggap ng iisang mensahe sa iisang pagkakataon sa pamamagitan ng mga pahayagan at ibang pangmasang anyo ng pakikipagtalastasan.

PAGTITINING NA GAWAIN

Ang pangkaasalang layunin ng gawaing ito ay mapagsamasama sa isang proyekto kung ano ang mga natutuhan sa yunit na ito.

Mga panuto

1. Hatiin ang klase sa tatlong pangkat. Paisipin ng isang simpleng kuwento o papiliin ng isang paboritong kuwentong ada ang isang pangkat.

   Pagkuwentuhin ang unang pangkat sa ikalawang pangkat. Isasakilos ng ikalawang pangkat ang kuwento sa ikatlong pangkat ng mga bata.

   Isasalaysay muli ng ikatlong pangkat ang kuwento batay sa pagsasakilos.

2. Tulungan ang mga pangkat na maitala ang mga kuwento sa iba't ibang anyo (halimbawa: collage, miyural, komiks).

3. Magtalakayan sa paraang Glasser sa mga paraang ginamit sa pagtatala ng kuwento.

Instructions

1. Color, mount, and display the teaching picture. Read to the children the caption to each panel, as follows:

   a. Myrna has to do a report on animals. She needs to know a lot of things to do a report on animals. Where is she going to find them? Her mother said, "Just look around you, there are a lot of things in the house that can tell you about animals."

   b. Mother told Myrna, "Did you know that newspapers give us a lot of information? We can learn a lot from reading newspapers.

   c. "Magazines and books like encyclopedias give us a lot of facts about what we want to know. They have pictures, too.

   d. "If you listen to the radio, you might learn some new things. Besides music, there are also news reports and special programs.

   e. "Television also gives us a lot of facts. If you watch certain programs, you can learn a lot about animals, people, places, and many other things."

   f. Later, Myrna said, "Thank you, Mother. Now I can start writing my report. I got a lot of information about animals from all those things."

2. Summarize the discussion by pointing out that newspapers and other mass media enable many people to receive the same message at the same time.

CULMINATING ACTIVITY

The behavioral objective of this activity is to combine what has been learned in this unit into one project.

Instructions

1. Divide the class into three groups. Have one group of children think up a simple story, or select a favorite fairy tale.

   Have the first group tell the story to a second group of children. The second group then mimes the story to a third group of children.

   The third group retells the story based on the mime show.

2. Help the groups record the story in different forms (e.g., collage, mural, comic strip).

3. Conduct a Glasser-style discussion on the ways the story was recorded.

RESOURCE BOOK

HANGUANG AKLAT

Masaya ako kapag . . .
I'm happy when . . .

Malungkot ako kapag . . .
I'm sad when . . .



Natatakot ako kapag . . .
I'm scared when . . .

Nagagalit ako kapag . . .
I'm mad when . . .



156

157

Malungkot na Mukha at Masayang Mukha

Sad Face and Happy Face

Mga panuto: Gupitin ang mga tau-tauhan sa tulduk-tulduk na mga guhit. Bakasin sa ibang piraso ng papel at gupitin ang mga balangkas ng mga tau-tauhan. Idikit sa likod ng mga tau-tauhan ang mga ginupit. Maging maingat upang hindi maidikit ang mga panggitnang bahagi.

Directions: Cut out puppets along dotted lines. Trace outlines of puppets on another piece of paper and cut out. Paste cutouts to the backs of the puppets. Be careful not to glue the bottom and center portions.

158

159

Malungkot na Mukha
Sad Face

160

Masayang Mukha
Happy Face

161

Mga Kaibigan at Damdamin
Friends and Feelings











162

163

Aming Barkada
Our Gang









164

79

165

Panuto: Kulayan at gupitin ang mga hugis. Itiklop at ikola ang paanan upang makatayo ang mga ito.

Directions: Color and cut figures out. Fold and glue bottom part of paper so that figures can stand.

Panuto:
1. Kulayan ang mga mukha.
2. Ikama ang gawaing-papel sa kardbord.
3. I-laminate ang gawaing-papel bilang pandagdag na pag-iingat.
4. Gupitin ang bilog at palaso.
5. Ikabit ang palaso sa gitna sa pamamagitan ng isang fastener.



Directions:
1. Color faces.
2. Mount worksheet on cardboard.
3. Laminate worksheet for extra protection.
4. Cut out the circle and arrow.
5. Mount the arrow in the center with a round head fastener.

Paikot ng mga Damdamin
Emotions Spinner

Ano ang Gagawin Mo?

What Would You Do?

Mga panuto: Sabihin sa mga bata na pag-aralan ang mga problemang ipinakikita sa gawing kaliwa ng mga gawaing-papel. Dapat tingnan nila ang tatlong kalutasang nasa mga kahon sa kanan ng bawat malaking kuwadro at markahan ng X ang kahong may pinakamahusay na kalutasan. Pagkatapos ay magkaroon ng isang talakayan ng mga problema at mga kalutasan ng mga ito.

Directions: Have the children study each of the problems depicted in the large frames on the left side of the worksheets. They should look at the three solutions in the boxes to the right of each large frame and mark an X in the box with the best solution. Afterwards, conduct a discussion of the problems and their solutions.

Pangalan
Name _____

Ano ang Gagawin Mo?
What Would You Do?

Labasan na! Ano ang gagawin natin?
School's out! What shall we do?



Hindi maabot ni Jennie ang libro.
Jennie can't reach the book.

Pangalan
Name _____

Ano ang Gagawin Mo?
What Would You Do?



83

Naliligaw si Julie.
Julie's lost.



Takot si Chu-lim sa dilim.
Chu-lim is afraid of the dark.

Pangalan
Name_____

Ano ang Gagawin Mo?
What Would You Do?

Pinagkatuwaan ng mga kaibigan ni Tim ang kanyang bagong salamin.
Tim's friends make fun of his new glasses.



Tumatanggap si Mei ng regalong pera mula sa kanyang ina.
Mei's mother gives her lai-see (a gift of money).



The Two Spiders

Once upon a time, a family of spiders lived in a coconut tree: Mother Spider and her two children, Sam and Sandy Spider. Every day, Sam and Sandy played. They ran up and down and around their cobweb.

Ang Dalawang Gagamba

Noong unang panahon, may isang pamilya ng gagamba na nakatira sa isang puno ng niyog: si Inang Gagamba at ang kaniyang dalawang anak, si Gloriang Gagamba at si Goriong Gagamba. Araw-araw, naglalaro sina Gloria at Gorio. Akyat-baba sila sa kanilang bahay-gagamba.



One day, Mother Spider said, "Children, it's time for you to go and build your own cobwebs."

Sam and Sandy Spider were so happy. "We're big little spiders now!" they said.

"Remember," Mother Spider said, "your cobwebs must be strong and pretty."

175

Isang araw, sabi ni Inang Gagamba, "Mga anak, panahon na upang humayo kayo at gumawa ng sariling bahay-gagamba."

Galak na galak sina Gloria at Goriong Gagamba. "Malalaki na kaming mga gagamba!" sabi nila.

"Tandaan ninyo," ang babala ni Inang Gagamba, "dapat matibay at maganda ang inyong mga bahay."

176



"I'll make a big cobweb," Sam Spider said. "It will be the biggest and the prettiest." So he made his cobweb. And—yes!—it was so big, it hung between two wide coconut leaves.

"Gagawa ako ng napakalaking bahay," ang sabi ni Gloriang Gagamba. "Ang bahay ko ang magiging pinakamalaki at pinakamaganda." Kaya gumawa siya ng bahay-gagamba. Totoo nga! Tunay na napakalaki ang kaniyang bahay, nakabitin sa dalawang malapad na dahon ng niyog.

Sandy Spider watched her brother.

"His house is really big, and how pretty it looks," she thought. "I could build my house like that, but how strong would it be? When the rain falls and the wind blows, what would happen to me?"

And so she built a house that was small but strong. And it was pretty, too.

Minasdan ni Goriong Gagamba ang kaniyang kapatid. "Malaki nga ang bahay niya at mukhang maganda," naisip-isip niya. "Kaya ko ring gumawa ng bahay na katulad noon, ngunit gaano katibay kaya? Pagdating ng bagyo, ulan o hangin, ano ang mangyayari sa akin?"

Kaya gumawa siya ng maliit na bahay, ngunit matibay. At maganda rin.



"Hah!" Sam Spider said, "look at your house! It's so small. Ha! ha! ha!"

"Sure it's small," Sandy Spider said. "But it is strong!"

181

"Ha!" ang payabang na sabi ni Gloriang Gagamba, "tingnan mo ang iyong bahay! Napakaliit! Ha! ha! ha!"

"Maliit nga," ganti ni Goriong Gagamba. "Matibay naman!"

182

That night, the rain fell and the wind blew. The rain fell heavy and the wind blew hard.

The next morning, Sandy Spider woke up. She heard her brother Sam Spider crying. "My house is gone!" Sam Spider sobbed. "It was so big and it was so pretty! But now it's gone!"

Isang gabi, umulan at humangin. Umulan at humangin nang malakas.

Kinabukasan, gumising si Goriong Gagamba. Narinig niyang umiiyak ang kaniyang kapatid. "Nawasak ang aking magandang bahay!" hagulhol ni Gloriang Gagamba. "Napakalaki at napakaganda! Ngunit ngayon, wala na!"



"Don't be sad, Sam," Sandy Spider said. "Your house was big and pretty, but it wasn't strong."

"Huwag kang humagulhol, Gloria," sabi ni Goriong Gagamba. "Malaki nga ang bahay mo, at maganda—nguni't hindi matibay."



"You said it, Sandy," Sam Spider said. "I must think of the wind and the rain when I build another house." On that day, he learned that he must think before he does anything. So both Sandy and Sam became smart spiders.

"Sinabi mo, Gorio," sabi ni Gloriang Gagamba. "Kailangang isipin ko ang hangin at ulan kapag gagawa ako ng bahay." Mula noon, natutunan ni Gloria na dapat pag-isipan niya ang anumang gagawin niya. Kaya naging magaling na gagamba sina Gloria at Gorio.

Paglulutas Blg. 1
Problem Solving No. 1

Pangalan
Name _____

Anu-anong mga larawan ang magkatambal?
Which pictures contain the same number of objects?











189

190

Pangalan
Name_____

Paglulutas Blg. 2
Problem Solving No. 2

Pag-ugnayin ang mga larawan sa hanay A sa hanay B.

Match the pictures in column A with pictures in column B.



Pangalan
Name _____

Paglulutas Blg. 3
Problem Solving No. 3



Ano ang mali rito?
What's wrong here?



Ano ang dapat nilang gawin?
What should they do?

Kulayan ang mga larawang nagpapakita ng pagtutulungan.
Color the pictures that show cooperation.

Pangkatang Pagkilos
Group Action

Pangalan
Name _____





193

194

Ilaw Trapiko
Traffic Light

Pangalan
Name _____

Kulayan ang ilaw trapiko.
Color the traffic light.

Ano ang nakikita mo?
What do you see?

1. _____ ilaw light

2. _____ ilaw light

3. _____ ilaw light



Ano ang gagawin mo?
What do you do?

1. _____

2. _____

3. _____

Mga Babala sa Trapiko
Traffic Signs



Anong mga babala sa trapiko ang makatutulong sa ating kaligtasan? Bilugan sila.

What traffic signs help to keep us safe? Circle them.

197

198


World Book
XYZ